bintana at salubungin ang halimuyak ng mga bulaklak ng kalachuchi sa gilid ng kanilang bahay.

Ano ang nangyari habang siya'y nananaginip? Nagtumpok ang buong baryo sa ilalim ng akasya sa harapan ng kanilang bakod. Ano't parang tsunami na pinapanood nila sa TV noong Disyembre ang pagsipat ng mga ito sa nakaparadang Bombo Radyo Patrol? Doon maging ang kanyang ina na tumuturing sa tsismis bilang masamang ginhawa na nagpapalayo sa tao sa pag-unlad.

Kaya niyang dumahan-dahan panaog at magsalud sa nangatubod na kuwentuhan ngunit minabuti niyang manatili sa kanyang puwesto. Mas mataas ang kanyang kinalalagyan. Angkin niya ang galaw ng mga ulo, mata, at baba sa kalsada gayundin ang kulay ng gumagapang na umaga at ang nanganipis na kakahuyang pumapalibot sa kanilang baryo. Marami na sa kanilang kababaryo ang may yerong bubong at sementadong bahay na ngayon pa lang, isang alaala na lamang ang kubo.

“Ay, ‘yan pala si Bombo Ruwel,” si Tiya’y Era niya na nakapamintana sa kabilang-bahay. “Kaya pala maganda ang boses kasi napakapangit nga naman talaga.” Halakhak nito sa pagkamangha sa napatunayan. Nakarating na raw sa Hongkong, Saudi, at Canada ang nangyari kaninang madaling araw, mga alas dos y medya. Hala, kaagad daw nagtakbuhan ang mga may celfone doon sa bakulod saan malakas ang signal. May mga umakyat pa nga raw ng niyog. Baka raw mamayang hapon o di kaya’y bukas, dito na rin ang GMA 7 at ABS-CBN. Sinundo na raw ni Enteng, drayber ng Juarez Family na traysikel, kasama si Kapitan at ilang tanod, si Father Boyet.

Kasi naman nagsa-maranhig si Ontoy Komang! Dalawang araw pa lang itong nakaburol. Nagsululuka lang naman nang makauwi mula sabungan sa kabilang baryo. Nilagnat ng todo kinagabihan. Pinainom din naman ng mainit na tubig at tinambalan ng lagundi, ngunit ahay, namuti ang mga mata’t hindi nga naagahan. Hamakin mo raw na bumango’t lumabas ng kabaong at humingi ng pandesal at kape sa mga naga-tong-its! Ano pa nga ba, kundi nagsiluksuha’t humarurot silang lahat palabas ng bahay! Tumilapon ang kanilang taya at talagang nagiba ang pintuan. Kung si Nonoy Butod pa, ano’t hindi ka matakot gayong nangangamoy pa ng formalin nang mangalabit sa kanya para sa isang stik ng sigarilyo!

Kung si Oray Loleng ang paniwalaan, ang pinakamatanda sa kanilang baryo sa edad na nubenta y dos na malakas pa uminom ng tuba, malinaw pa sa silahis ng araw na *pinalakad* si Ontoy Komang. Kung hindi raw sana pina-embalamo, matabangan pa ito. Hindi lubusang naiintindihan ni Inday Pilay kung ano ba ang *pinalakad* na ito sapagkat sipunin pa siya nang mabantog sina Tinyente Gimo at Felicidad. Tindera ng bagoong itong huli na sobrang napakasarap kung kaya’t nagustuhan ng lahat. Nang matiklo, gawa pala iyon sa dugo at tinadtad na katawan ng kanyang mga inaswang. Kuwento na ito ng kanyang ina habang

naghahanda sila ng agahan. Pinirito ngang daing at hiniwang kamatis. Paliwanag pa ng kanyang ina, kung tutuo raw na pinalakad si Ontoy Komang, ibig sabihin, kopya lang ni Ontoy Komang ang kanilang nakita sa kabaong. Ang tutuo, isa lang itong tinub-an o balat ng saging. Doon sa aswang, sa nagkulam sa kanya, ang kanyang kaluluwa. Talaga naman daw hindi ito malayong makulam dahil napakahambog nga naman, lalo na kapag panalo.

“Nakakatuwa.” Nasabi ni Inday Pilay dahil lumulutang-lutang sa kanyang isipan ang nabasa niya noong Sabado, ang araw ng pagbebenta-paninda ng kanyang ina sa mga natapos nilang sombrero buri sa palengke sa bayan. Limang liko, walong puno ng akasya, at tatlong tulay ang layo nito sa kanilang bahay. Sa lumang diyaryo na pinagbalutan ng daing, nabasa niya na napuntahan na ng tao ang planetang Mars. Sa Japan, kayang mapaandar o kaya’y mapatay ng isang tao ang naiwang gamit sa bahay gaya ng TV o kaya’y ilaw, kahit nasaan siya, sa pamamagitan ng pagpindot sa isang bagong remote control.

Biglang dinalaw si Inday Pilay ng lungkot na nawalan na siya ng gana sa daing at Gloria rice. Pinagmasdan niya ang mga paa. Lumalakad siya noon papuntang eskwelahan sa kabilang-baryo, ang Barasanan Barangay High School, nang maramdaman niya ang paggapang ng lagnat sa kanyang buong katawan. Mga isang linggo siyang tila sisiw na nakaratay sa banig. Sumunod ang pamaman-hid hanggang maging kalbaryo niya ang paglakad. Santisima de Jesus, parang tinakluban siya ng langit!

Nabati raw siya ng engkanto sa balete na kanilang dinadaan, sabi ni baylan Roming. Isang malaking baboy na itim at isang dosenang puting manok, sabihin pang ginantang na ibos at suman, ang kanilang inalay. Ngunit hindi man lamang siya nilubayan ng malas. Marami ang nasayangan sa kanya. Matalino kasi siya. Hindi lang Iloilo ang kanyang napasyalan kundi pati Negros, Kalibo at Antique. Lahat ito dahil sa quiz bee sa History at Science. Pinasan siya ng namayapang ama hanggang sa makatapos siya sa hayskul.

Sa maraming taon, kinimkim niya ang pagmumura sa mga engkanto. Dahil sana sa Manila na rin siya ngayon nagtatrabaho. O di kaya’y isa na rin siyang “abrod.” O di kaya isang guro o abogada na siya talaga niyang pangarap. Hanggang mga dalawang taon na ang nakalipas, may isang madre na dumalaw sa kanilang baryo sa pagbigay ng katekesis. Isa siya sa mga dumalo at napag-usapan nila ang nangyari sa kanya. Muli, para siyang tinakluban ng langit. Polyo raw ang kanyang sakit at hindi dahil sa engkanto sa balete! Hindi nakarating ang libreng bakuna ng gobyerno sa kanilang baryo at ewan kung bakit sa dinami-dami, siya ang natapikan. Te, ano ba naman ang magawa ng katulad niyang tagabaryo kundi ang lumunok na lamang ng laway at ipakonswelo sa sarili na ito ang kanyang suwerte.

“Ito ang suwerte,” haplos ni Inday Pilay sa kanyang balakang, sa kanyang tiyan, sa kanyang mga suso. Higit na malusog ang mga ito. Ngayon. Kakaibang lakas ang kanyang nararamdaman. Ano at para siyang bulaklak na kabubukas pa lamang ng mga talulot. Nitong

mga nakaraang araw, gusto lamang niyang mahiga at mangarap sa muling paghagrun ng Kawasaki ni Boy Eks at ang pagpondo nito sa kanilang pintuan. Nasiguro niyang babalik ang lalaki dahil marami pa itong sisingilin sa kanilang baryo.

Sisingilin din niya ito. Malaki na ang utang nito sa kanya. Lalo na ngayong nauunawaan na niya ang mga salita ni Maring. Matanda ito sa kanya ng dalawang taon. Sa Saudi ang bana na si Gering. Matagal na itong nangyari. Noon pang nagpahabi sa kanya si Maring ng banig. Isang hapon nang bumisita ito, ano at nasambit ni Maring na “ang sarap magpakantot.” Nagsitayuan ang kanyang balabibo sa narinig. Animo’y ilog na inulila ng tag-init ang kanyang lalamunan habang bumabaha naman ang kuwento ni Maring. Binaon daw ni Gering ang panty nitong hindi nalabhan. Dahil ito raw ang sinisimhot ng bana sa mga gabi ng pangungulila. At bakit daw silang mga babae, bakit mahiya silang aminin na gusto rin nila ng kantot? Ngunit nagtatapat lang naman daw si Maring dahil, Diyos ko, parang sasabog na ang kanyang dibdib. Nanunumpa itong hinding-hindi niya pagtataksilan si Gering lalo pa’t, ay abaw, nakakahiya dahil dalagita na si Ginging na kanilang panganay.

Ngayon, gusto uli ni Inday Pilay na humabi ng banig at ng kakaibang istilo ng sombrero. Ibebenta niya ito ng mas mahal. Gusto niyang bumili ng *Almanake Panayanon* at *Hiligaynon*. Nakatuwaan niyang basahin ito noong buhay pa ang kanyang ama. Noong si Doroy over seas pa lang ang may TV sa kanilang baryo. Nakalimutan na niyang bumasa nang mawili siya sa pakikinig sa drama sa Bombo Radyo, at nitong huli, nang manungkod siya papunta sa kabilang-bahay upang manood ng balita at palabas sa TV.

Sa panunuot ng silahis ng araw, sa pagburhot palayo sa kanilang baryo ng Bombo Radyo Patrol, at sa muling paghiga ni Ontoy Pakit sa kabaong matapos mawisikan ng bendita ni Father Boyet, masayang kumanta si Inday Pilay ng *Igso-on sa Tabuk Nayon*:

*Igso-on sa tabuk nayon
Hapit anay sa amon
Bisan wala sing kan-on
May buyo nga pagamam-un*

*Iwanun ko ang buyo
Sa balay madamo
Ang akon ginapangayo
Ang singsing sa imo tudlo.*

Ngunit nangawala sa kanyang dila ang mga natirang linya ng kanta kaya ito ang sunod na narinig:

Si Kantilay bata ni Venencio

*Gapas-an ka pana, gauribay ka halo
Iya ginapas-an, ginatuwang-tuwang
Ang pobre nga bao, ginkalbo ang ulo.*

“Anong nangyari sa’yo, Day? Daw sa buang ka.” Puna ng kanyang ina dahil naging kulog nang umagang iyon hindi lamang ang pagkanta ni Inday Pilay kundi pati ang kanyang paghalakhak. Parang mga buto ng sinigwelas itong naglagapok sa yerong bubong, parang mga paklang ng niyog na rumaragaak sa pagkataktak sa lupa. Talagang natatawa sa pagkamangha si Inday Pilay sa mga pangyayari ng umagang iyon na ang lungkot at awa para sa sarili, ngayo’y napunta para sa mga kababaryo.

II

*Linagpang ko nga turagsoy
Sa sabaw nagalangoy-langoy
Ginlaktan ko sang ginamos
Pinamalbas gid kami sang higop.
Ang siling sang nakatilan*

*Sampat gid ang timplada
Linagpang nga turagsoy
Kanamit higpon.*

Marami pang nagsanga-sangang istorya tungkol sa pagkamaranhig ni Ontoy Komang ang napanganak ng araw na iyon hanggang sa mga sumunod na linggo. May mga nanumbat kung bakit hindi kaagad pinasundo si baylan Roming. May mga naniwala na bagong kaso ng SARS iyon at sana natabangan kung dinala kaagad sa ospital. Sabi pa ng iba, maaring tulad ng mga bata sa Bohol na namatay sa pagkain ng kamote, may nakain si Ontoy Komang na panis o di kaya’y nakakalason. Ano man ang tutuong dahilan, malinaw na nag-alinlangan ang kanyang pamilya sa pagdala sa kanya sa ospital dahil paano ba naman, anak ng mayor ang head nurse at iba ang kanilang kandidato noong nakaraang eleksyon. Bantog kasi na pinapabayaang naman sa ospital ang mga pasyente na hindi nila tauhan. Mas mabuti na raw mamatay na may dignidad.

Nangyari rin ang pangarap nilang mabalita sa TV at radyo ang kanilang baryo. Ngunit parang bulkan namang sumabog ang kanilang galit sa NGINIG na palabas ng Kapamilya dahil muling nabantog sa aswang ang isla ng Panay. Bumaha ang text mula sa kabataan sa Manila. Nagsusum-bong silang tinutukso sa kanilang pinapasukan. Ang iba nga raw di natanggap sa trabaho dahil sa balitang iyon.

Ngunit nalibing kasama ni Ontoy Komang at ng istorya ng kanyang pagsamaranhig ang hindi nga naamoy ng Kapuso na tampo ng baryo sa Kapamilya. Patuloy na nangahalimuyak ang tag-araw sa baryo. Marami ang nadiwang na binayle paayaw-ayaw hanggang sa maglaho ang buwan. May mga umuwi-lumuwas sa Manila, gayundin sa abroad. Gayunman, hindi nauubusan ng mga tao ang sabungan at sugalan.

Sa mga panahong ito, dalawang Mongol na ang naubos ni Inday Pilay at napuno na niya ang isang nutbok na pinabili sa ina. Tapos na sa mga pahina ang *Igso-on* na nadagdagan ng *Tamilok*: “Sang isa ka gab-i/Masanag ang bulan/May isa ka tawo/Nga nagpanindahan/Uminom sang tuba/Nahubog, nagtalang/Diretso sa pilapil/Sa turugban nagtimpasaw.” Hala, sige rin niya kanta-sulat ang “En evri aftirnun, tri oklak/Ay red ur liter/Ahay” at ang maraming *loa*:

Doon sa may bangin
Pumapadausdos ang sentimong dyes
Binaril ni Jes Lapid
Talagang natamaan sa gilid!

Kumapal ang kanyang nutbok, lumapad ang kanyang balakang, at lumaki ang kanyang tiyan at mga suso. Hindi ito pinansin ng kanyang ina dahil talagang mabilog-bilog si Inday Pilay at bakit mag-isip siya ng kung anong demonyo na matagal nang hindi nanunungkod palabas ng kanilang bahay ang kanyang dalaga? Kung may napuna man siyang kakaiba, iyon ay ang pag-uli-bata ni Inday. Ay abaw, kung hindi ito humahabi, abala ito sa pagkanta-sulat, pagbasa, pagpanggunting ng tela at paggawa-tahi ng mga bayu-bayo. Parang naglalaro.

“Walang kuwenta,” ito ang sagot ni Inday nang tanungin ng ina kung bakit hindi na ito nanonood ng TV sa kapitbahay.

Hanggang nabulabog ang isang umaga sa pagsululuka ni Inday Pilay. Mga ilang digwalang naman sana ito ngunit natyempuhan na nagwawalis ang kanyang Tiya’y Era sa kabilang-bahay malapit sa kanilang banggerahan. Wala pa ang tanghalian, alam na ng buong baryo. Nabuhay ang araw ng pagsamaranhig ni Ontoy Komang. Dahil ganitong-ganito – ang pagsululuka – ang unang sintomas. Ibig sabihin, nariyan pa, sa kanilang baryo pa nagliliwaliw ang aswang. Kung si Oray Loleng pa uli ang paniwalaan, narinig ng aswang ang pagkanta ni Inday Pilay at maaring nagustuhan nito ang kanyang boses. Kaagad pinatawag si Sining Manghihiilot at hindi nga sila nagkamali, may laman ang tiyan ni Inday Pilay! Te, papayag ba silang siya ang susunod kay Ontoy Komang?

Kulam. Ito ang bagong salita na nagpalutang-lutang sa buong baryo. Kung ang maranhig tinakbuhan ng kanyang kababaryo, itong kulam gustong habulin ni Inday Pilay

upang hindi na makalabas sa kanilang mga bibig. Tinataboy-patay niya sa isipan ang salitang ito na parang patay-gutom na kinain ng kanyang mga mata ang bawat pahina ng *Almanake*, ng *Hiligaynon*, ng kanyang nutbok. Gusto niya malunok lahat ito at mailipat sa tumutubong buhay sa sinapupunan.

Ngunit nanginginig siya sa naisip: Sapat ba ito at nababagay na ipamana? Malaya ba ang maranhig at kulam sa mga kuwento, kanta, at tula? Saan niya huhugutin ang mga salita at imahen para sa bagong silang upang makalipad palabas sa kanilang baryo? Pero ano ang mundo sa labas na hanggang ngayon hindi pa rin nakakabalik si Boy Eks ngayong malapit na ang tag-ulan at pagbukas ng klase? Hindi nga ba't masarap ang kantot at mala-asukal ang mga kuwentong angkin ng ilog, burol, at kawayanan sa kanilang baryo? Bakit tinatago ito ng matatanda sa nakakapangilabot na kulam?

Parang kilat na gumuhit sa langit ang paghikbi ni Inday Pilay. Parang ginugutay-gutay ang kanyang dibdib sa paghagulgol. Walang magawa ang kanyang ina at ang nagtumpok na kababaihan kundi ang manalangin at magpausok ng kamanyang. Pinagpawisan si Inday Pilay, nangalay-manhid, hanggang sa mag-ililihi sa kanyang panty. Ang kalalakihan naman na kinabibilangan ng Kapitan at mga Tanod, buo na ang loob sa pagronda kinagabihan. Napaabot na rin ang utos na ipagpaliban ninuman ang pagsumbong sa Bombo, gayundin sa Kapamilya at Kapuso. Hintayin nilang madakip ang aswang, tulad noon kay Felicidad, bago magpainterbyu.

Ilang gabi na pinalibotan ng mga Tanod ang kanilang bahay. May nakapuwesto sa ilalim ng kanilang siklat na umiiwas masakop ng liwanag ng mga kingke upang makita ang aswang sakaling papasok ito galing bintana o di kaya'y bubungan. May mga nagpatuyong-tuyong sa akasya at kalachuchi sapagkat maaring magkunwari ang aswang na isang ibon. Maliban sa lubid, bolo at natalawisang bagakay, may dala ang mga ito na manunggal. Ito ang pinaniniwalaan nilang halamang-ugat na kinatatakutan ng aswang.

Maliban sa kinulas-kulas at pagkahulog ng maliliit na mga sanga sa wasiwas ng hangin, walang narinig na tiktik o pagkakak. Lalong naging kagalang-galang ang Kapitan at mga Tanod sa kanilang pagpupuyat. May mga dalaga at binata, lalo na ang mga nagkokolehiyo, ang nagbubulong-bulungan sa bawat pagtumpok nila pagkatapos ng simba o basketbol sa plaza. Aswang na itim ang ulo, sa kanilang paniniwala, ang dahilan ng pagsululuka ni Inday Pilay.

Ngunit abala sila sa kanilang liga sa basketbol at sa binabalak na binayle sa katapusan ng Flores de Mayo upang kutyain pa ang ginagawang ronda. "Mabuti nga 'yan," kung sila pa, "may kasama si Inday kapag mamatay na Nanay niya." Matutuwa man sila sakaling di na babalik si Boy Eks sa pagsingil sa kanilang mga magulang, minumura naman nila ito sa mga oras na muli nilang mapagkuwentuhan ang nakita ng isa sa kanila sa sagingan sa ilog.

III

*May nagatulo ang luha
Nga wala naman sing kasubo
Bangod sang turagsoy nga akon linagpang
Tama gid ka ka kawang.*

Nagtuloy-tuloy ang ambon hanggang sa maging ulan na nagpakipot sa mga bangag at nagpasigla sa buong baryo sa paghahanda ng palayan. Mula sa bintana, pinagmamasdan ni Inday Pilay ang pagtanim ng kanyang ina ng mga rosas sa kanilang bakuran, gayundin ng kamote at saluyot sa gilid. Ubanin na ang kanyang ina at naglalabasan ang mga ugat sa mga kamay hanggang sa mga binti. Gusto man niyang tumulong, mabigat na ang kanyang tiyan.

Puno na ang isang maliit na karton ng mga bayo na kanyang natabas-tahi at ng mga pinamigay ng kababaryo. May galing sa Hongkong, sa Amerika, sa Canada, sa Manila. Makapal na rin pati ang koleksyon niya ng *Hiligaynon* at tatlo na ang napuno niyang nutbok. Kasama na rito ang mga kanta sa Flores de Mayo at ang *daigon*.

Iyon at narinig ni Inday Pilay, ng kanyang ina, ng buong baryo ang paghagrung ng papaakyat na motorsiklo. Hindi tumagal, naging nakakabinging burhot ang hagrung, tanda na bumaon ito sa putik. Nakita pa niya ang paglabasan ng mga kababaryo at ang pagtakbo ng kalalakihan patungo sa pinagmumulan ng burhot. Kasama ang kanyang ina na bumibitbit ng bara.

Nakakahalina ang pagpalutang-lutang ng mga ulap at ibon sa himpapawid. Sa kanyang kinaroroonan, sa kanyang panagimpan, naging magandang aswang si Inday Pilay na ngayo'y masayang lumilipad-lipad. Natanaw niya si Boy Eks at ang kanyang Kawasaki. Hubad ito, nanunukso ang nakatayong ari! Ngunit walang init na gumapang sa mga hita ni Inday Pilay. Sakay ng kanyang mga pakpak ang kanyang anak. Kahit nagmamakaawa si Boy Eks na bumaba siya, wala siyang pagkatinag.

Nang tanghaling iyon, naging tanghalian ng mga tagapakinig ng Bombo Radyo ang pagsakote ng buong baryo sa isang lalaking pinaniniwalaang may masamang ginhawa.

(2005)

Si Beryong Balikbayan

“KAAWAAN n’yo ang kaluluwa ni Candelaria/Kaawaan n’yo

ang kaluluwa ni Ernesto/Sa ngalan ng Ama/ng Anak/ng Espiritu Santo/Amen.”

Umigut ang kawayang sahig ng maliit na sala sa magkasabay na pagsitayuan ng tumpok ng kababaihan. Katatapos lang nilang lumuhod sa rebulto ng Mahal na Birhen sa itaas ng lamesita sa isang sulok ng bahay. Katapusan ngayong gabi ng tatlong araw na pagpaparosaryo ni Beryong sa kaluluwa ng mga magulang.

Sumandal si Beryong sa haligi sa likod malapit sa nakabukas na bintana. May kaitiman siya, abuhin ang makapal na buhok, ang bagsak ng mga mata at anyo nagpapahiwatig ng isang taong mapag-isip. Sa edad na 63, matikas pa siya’t malakas.

Humakbang siya pagitna nang makitang naihip-patay na ni Manding Saning, otsentahing lider ng manugrosaryo, ang dalawang nasindihang kandila. Sinalubong niya ang matanda, marahang hinila pagilid, at pinakuyom dito ang isang daan.

“Kayo na bahala maghati-hati, ‘Ding,” sabi niya.

“Abaw, maraming salamat, ‘Yong. Kaawaan ka ng Mahal na Diyos.”

Kaagad niya ring hinarap ang lima pang kasamahan ng matanda na ngayon nakasalampak sa sahig, kandong ang hinahabing sombrero. Tag-isang sabong mabango, Jergens, ang inabot niya sa mga ito. Animo’y dumagdag sa lagablab ng bombilya ang pagliwanag ng kanilang mga mukha.

“Itago n’yo,” mabilis na puna ni Delia, pabulong. Dalawang taon ang tanda nito kay Beryong. Malaki ang tiyan at sunod-sunod sa pagpaburhot ng tabako. “Baka sasabihin mam’ya ng iba na may pinilian ‘ko. Mahirap na. Mabuti nga kamo at may natira pa. Sa dami ba naman ng kamag-anak.” Pagkatapos binuksan nito ang TV na kanina pa inaabangan ng lahat.

“Nu problem,” sagot ni Maring, “ang importante nakauwi.”

Napangiti si Beryong. May pait ng hinagpis. Nalulungkot siya na isang linggo na siyang nakauwi mula Delano, California, ngunit hanggang ngayon, hindi pa rin nakapamulaklak ang kanyang kaisipan at saloobin. Kinasasabikan niya ang isang malapot na kuwentuhan sa rumaragasang Kinaray-a at malambing na Hiligaynon sa mga kapamilya’t kababaryo. Ngunit ano’t mukhang mailap silang lahat sa kanya. Nakalimutan na siya – hindi na siya kilala ng kanilang baryo Lawigan sa San Joaquin, Iloilo, Philippines!

Inaasahan niya habang nag-eempake na sasalubungin siya ng mga tanong na “Te, saan na asawa mo? Ba’t ikaw lang?” Gusto niya sanang marinig ang kuwento ng mga kababaryo tungkol sa malagim na pamamahala nina Macoy at Imelda. Ngunit sa bawat gabi ng pagtumpok ng mga ito sa bahay ni Manang niya, mas makawiwili ang palabas sa TV kaysa pakipagkuwentuhan sa kanya. Natatandaan man siya ng ilang kapitbahay, puro mga tinola, prutas, at gulay ang naging pagbati.

Simula rin pagdating niya, naging abala si Manang niya at bayaw Oca sa pag-imbata sa kanilang mga kamag-anak sa mga katabing baryo hanggang sa bayan. Mahirap na raw na may makalimutan dahil maraming kuwento ang maririnig. At si Eki, ang kanilang bunso na gumagapang pa lamang pag-alis niya, hindi pa rin nagpapakita kahit handaan na kinabukasan at isang malaking baboy ang ihaw. Kaagad niyang pinasundo ito pagdating niya ngunit abala raw sa pagdadamo sa tanimang mais. Hinintay niya ito nang sumunod na mga araw kasama ang pag-oyayi sa pangarap na mabuo sa kanilang pagpanuba ang isang pagtitinginang magkapatid na ninakaw ng kanyang pag-asam ng Amerika. Nireserba rin niya para dito ang paboritong jacket at tatlong pares ng pantalon na puro corduroy. Ngunit pinarubdob lamang ng kapatid ang kanyang pananabik at lalo siyang inulila.

Namintana siya. Sa harapan dating nakatayo ang kanilang kubo. Sa Alaska niya natanggap ang pinakamalungkot na balita sa kanyang buhay. Nadunot ang tinay ni Tatay nila. Huli na nang malamang kanser, nang makapadoktor. Walang isang taon, sumunod ang kanilang ina. Natumba ito sa nilalatayang palayan nang mamitas ng sitaw isang hapon.

Si April, ang nag-iisang anak ni Manang niya, ang sumulat nito lahat sa kanya. Napatapos niya si April ng Commerce sa isang kolehiyo sa Iloilo. Maliban sa pagsunod sa kanyang mga pakiusap at pagsagot sa ilan niyang tanong, hindi rin niya nakikita sa pamangkin ang interes na malaman ang kanyang pinagdaanan at kalagayan. Hindi nga nito maiwanan ang trabaho sa syudad para makipagdiwang sa kanila.

Nanghina ang kanyang mga siko. Lumipat siya sa tambì sa upuang kawayan. Gumaan ang kanyang pakiramdam pagkamalas sa maliwanag na langit at mga nakahilerang bituin. Malamig. Napansin niya ang kumakapal na mga ulo na tumitipon sa mahabang lamesa sa

ilalim ng natayong tolda. Isang Petromax ang nakalawit sa gitna. Buhay ang palitan ng mga istorya at halakhak sa paglibot ng baraha sa mga palad.

Sa gilid ng bahay malapit sa kawayanan, maingay ang grupo ng kalalakihan na nagpupulutan ng dila, buntot, tainga, laman at dugo ng nalagang baboy. Sa karosa sa di-kalayuan, sinasakop ng liwanag ng Petromax ang tumpok ng mga binata't dalaga. May naglalaro. May naghaharutan.

Isang lalaking pa-ekis-ekis sa paglakad ang papalapit. Parang kalansay ito. Nakahubad, sablay ang t-shirt sa kanang balikat at luslos ang punit-punit na pantalon. "Tol," sigaw-paypay nito kay Beryong, "long taym no se a, bat naw se naw." Dinugtungan ito ng magansal na tawa, na naging halakhak sa pagsabay ng nagsusugal na kalalakihan. Nakangisi na umakyat sa hagdan ang lalaki.

"At dito ka na naman mag-iingay!" salubong ni Delia na nakapuwesto sa pintuan. "Nanonood kami."

"Si Manang man, tinataboy lang 'ko palagi. Nood lang kayo d'yan, a...inyo lang pasalubong n'yo na 'yan. Maistorya lang man 'ko kay utol."

"Mabuti sana kung di lasing, e."

"Ano'ng lasing. Tatlo pa nga lang na ESQ naubos 'ko. H'wag mo na kaming pakialaman dito, a, nood lang kayo d'yan."

"Pinarosaryohan nga natin sina Nanay at Tatay pero ba't para naman kayong pusa't aso," sabi ni Beryong, kalmado ang bilog na boses.

"Ewan ko d'yan kay Manang, a. Ang bigat ng dugo sa'kin." Tumabi si Eki kay Beryong.

Naalala ni Beryong na sakay sa bus galing airport, nakuwento ni Manang niya na nakabiyaheng inter-island bilang seaman si Eki. Ngunit hindi pa raw uminit ang linibo sa mga palad, nagdala na pauwi ng isang babae mula sa pier ng Leyte.

"Mark," tawag ni Eki sa tumpok ng kabataan sa karosa. "Halika nga rito. Yawang bata 'to, nagmamalaki. Paano tayo n'yan makaulam ng de-lata kung malayo lang tayo palagi sa sandok, ha."

Kaagad lumapit paakyat ang isang matangkad na binata. Malumanay ang galaw. May pula pa na San Francisco na sombrero ng naiwan, isip ni Beryong.

“Iskolar ‘to, Tol,” si Eki. “Tapos na ‘to sa pagkamaestro. Baka nga makapasok na d’yan sa Nasyonal sa Hunyo. Pero mas mabuti sana kung maka-abrod din,” siko ni Eki sa kanya.

“Ano medyor mo, To?”

“Praktikal Arts.”

“Basta magsipag ka lang at magtiyaga, talagang may mararating ka.”

“Kahit tagahugas lang ng pinggan doon, a,” patuloy ni Eki.

“Nagpakasipag nga tayo sa pag-eskwela pro,” sagot ni Mark.

“Ay te, kon dolyar man ‘ya? Maestro ka nga dito pero mabuti kung makabili ng baka ang ‘sangbuwan mong sweldo.” Pinatong ni Eki ang dalawang paa sa upuan at sumandal sa poste sa tambi. “Babalik ka pa nga ba ‘To o dito ka na lang?”

“May dalawang linggo pa ko rito.”

“Yon naman pala, tamang-tama para madala mo si Mark, di ba?”

Animo’y balon sa tag-init na nasaid ang lalamunan ni Beryong. Naramdaman niya ang rubdob ng pangarap at pag-asa na tinataya ng bunsong kapatid sa panganay nito, gayunman, nangibabaw sa kanya ang rason. “Di lang ganuon kadali at kabilis mag-asikaso ng papeles,” nasabi niya. “Isa pa, hindi ko siya mapetisyon.”

“Ba’t naman?” Dumiretso sa pagkaupo si Eki. Tumayo at winaslik-waslik ang t-shirt. “Taong ‘to, may grin kard ka, di ba?” Binasag ng boses nito ang ingay ng TV at ng mga nagsusugal. Bagay na nag-imbata ng pag-usyoso ng lahat. “Sa inyo nga noon, lumukso lang naman kayo sa barko, te, ba’t nakarating din kayo dun.”

“Eroplano na ngayon at di na makalukso-sakay. Mga magulang lang ang pwedeng mapetisyon. At kahit pa, napakahirap ngayon na hindi lang mga Meksikano ang kontra mo sa paghahanap ng obra. Lahat-lahat. Ang dami. ..Intsik...Hapon...Negro at kapwa Pinoy na triple sa dami kaysa una.”

“Doon na pumuti hita mo, wala kang magawa?” Pailing-iling ni Eki.

“Kinaawaan lang akong makauwi.”

Tutuo, hindi siya nakauwi kung hindi sa tulong ni Prof. Matias Florentino na nagtuturo ng Ethnic Studies sa Southern California College. Anak ito ng unang mga Ilokano na naging obrero ng ubas, asparagus at lettuce at naglipat-bilang ng mga banyera at naghanda ng minilyong lata ng sardinas sa Alaska. Isa siya sa mga nainterbyu nito tungkol sa kasaysayan nila bilang mga natirang Manong sa Agbayani Village, ang pinatayong retirement home ng unyon nilang United Farm Workers.

Trip to the Philippines. Ito ang iniregalo sa kanya ni Prof. Matias kasama ng kanyang mga estudyante na mga huling tubo sa sanga ng tinatawag na Pilipino-American. Animo'y pabuya itong inihandog sa kanya matapos niya makuwento na dinadalaw siya palagi ng malamig na simoy ng hangin, bango ng natutunaw na kandila, at mukha ng kanyang ina na nalulunod sa mga luha sa paghahabol sa sinasakyan niyang barko patungong Seattle noong 1933. "Maganda ang Amerika. Ngunit hindi tutuo na lahat doon mayayaman. Ang mga doktor, endyiner, at abogado galing dito, naging katulad lang naming naging weyter, busboy, at empleyado sa mga hotel at pabrika."

"Ba't sina Manding Magay, nakapasemento ng balay at pabalik-balik lang sa Maynila," giit ni Mark. "Sabi nila, sa bangko sa Amerika nagtatrabaho ang panganay nilang si Baby."

"Marami na ngayon sa mga propesyonal natin ang nakapasok sa mga malalaking kompanya sa San Francisco, sa Canada, sa Hawaii. Kaya nga kailangang may sapat kang kakayahan. Mas mabuti kung madagdagan ang 'yong napag-aralan. Hindi lang upang makapagtrabaho kundi higit sa lahat, upang di ka maloko at maapi." Masigla ang boses ni Beryong, animo'y nagsasalita sa isang pagpupulong.

Marami pa ang gusto niyang ikuwento. Tulad halimbawa ng pagsali niya sa unyon nang pumutok ang grape strike noong 1965. Sumuway siya sa sugo ng mga lideres ng unyon na magboykot. Kaya nagasto niya ang kanyang naipon at hindi na siya nakapadala mula noon. Nagtiis siya sa pakipaglaban sa kabutihan nilang manggagawa. At wala siyang pagsisisi.

"May paborito ka lang, sabihin mo," basag ni Eki sa pumagitnang katahimikan. "Te, mabilis ka rin naman kung kay Manang. Akala n'yo na siguro kasi wala talaga akong kwenta. Bugoy. 'To, sinasabi ko sa'yo, kahit ginagutom ako, hindi ako interesado sa mga imported mong sabon na 'yan at kape. Kongkretong tulong ang sa akin. Sana nauunawaan mo. Alam mo naman, purdoy talaga ako. Lalo na ngayon. Wala man lang akong maambag kung kwarta ang pag-uusapan. Pero kung pinaalam lang kaagad ni Manang, hindi ko sana nabenta sa bayan ang mga langka ko at saging."

"Kailangan ka pa bang pagsabihan?" Biglang saligbat ni Manang nila na kanina pa nakikiramdam habang nakaharap sa TV. "Te, alam mo ngang may inuman dito."

“Alam ko ‘Nang na hanggang ngayon masama pa rin ang loob mo dahil sa asawa ko. Pero ‘Nang, di na natin mababago ang katotohanan na asawa ko si Lorna at lima ang aming anak. At sinasabi ko sa’yo, Nang, palangga ko asawa ko.”

“Palangga nga, tingnan mo, hindi man lang kayo napapagod sa pag-aanak.” Napalingon ang mga nanonood ng TV pa-tambi sa linyang ito ni Delia.

“Ay, Nang, yaman ang mga kabataan na ‘yan.” Pagkatapos, parang batang humarap si Eki kay Beryong. “To, maraming salamat sa lahat ng tulong mo sa’kin noon. Ngunit ano’ng magawa ko. Ito ang swerte ko. Bawiin na lang natin sa mga bata.”

“Bawiin?” Patuloy ni Manang nila,” na lagok lang man inaasikaso mo!”

“Nang, ‘yan lang ang kaligayahan ko.”

Kaligayahan, happiness, isip ni Beryong. Kung bakit minsan napakahirap maintindihan lalo na ng mga taong matatalino. Tulad ni Cesar, Meksikanong lider ng kanilang unyon. Noong 1960s, ang Chinatown ng Delano sa California ang kanilang lugar-libangan tuwing Sabado pagkatapos makaani ng ubas. Dito lang sila makapamasyal dahil peligroso na para sa mga Pinoy ang ibang bahagi ng California. Hindi siya naparalisa ng kahirapan ng panahon dahil sa sayawan kasama ang mga Meksikana at Amerikana. Ang mga hala-bira niya sa pagsigaw ng “sa pula, sa puti” sa sabungan ng Delano ang nagpalakas sa kanyang boses. Ngunit ayon kay Cesar, pagsasayang lang daw ito ng oras at pera at ugat ng pag-aaway.

Hayskul lang ang natapos niya ngunit naiintindihan niya na ang pag-angkin ng isang mahirap sa pagkakataong makapaglibang ay katulad ng pangangailangang angkinin ng halamang-ugat ang lupa. At kahit pa, hindi siya naging kagaya ng maraming Pinoy na nagwaldas sa mga alahas at mamahaling damit para lang makapagyabang.

“Hindi ako nakapangasawa dahil kailangan pa namin noon pumunta sa Mexico para lang makapakasal,” pagtatapat niya. “Isa pa, mas importante sa akin noon ang makaipon.”

Bago pa niya madugtungan, dali-daling bumaba na si Eki. “Mark,” tawag pa nito sa anak na ngayon nakikipanood ng wrestling sa TV, “uwi na.”

“Balik kayo bukas,” paalala niya sa pamangkin nang magpaalam sa kanya. Humanga siya sa pagsunod ni Mark sa ama. May respeto kahit pa propesyonal na ito. Hindi tulad ng mga anak ng maraming Pinoy sa Amerika. Aakusahan pa ang mga magulang kung hindi masunod ang gusto

Isa itong mabuting bagay para sa kanya. Nabuhayan siya ng loob.

KAKAUNTI na lang ang kumakain sa dinugtong-dugtong na mga

lamesa sa labas sa harapan ng bahay nang bumaba si Beryong. Nagpahinga siya sa kuwarto nang makauwi mula sementeryo. Sumakit ang kanyang tiyan. Pagdating pa niya ito nagrereklamo, ngayon lang humapdi ng todo. Sa tubig, paniwala niya. O di kaya'y sa mga tinola na kinasabikan ng kanyang lalamunan ngunit nanibago naman ng kanyang tiyan.

Palinga-linga si Beryong, umaasang makita si Eki. May mga lumalapit sa kanya upang magpasalamat at nagpapaalam umuwi. May mga sumesenyas na lamang sa labas ng bakod. Ang lahat ng mga ito nakilala lamang niya na anak o di kaya'y apo o pamangkin ni ganito't ganuon na paryente sa Norte at sa Sur.

Nakita niya si Mark na papunta sa apat na bata, magkasingtaas at magkasinglaki. Nakaupo sila sa nakapatung-patong na kawayan na pinagapas ni Manang niya para sa bagong bakod. Malapit ito sa hilera ng mga dram ng tubig saan nakatambak ang mga pinggan. Mga kapatid, kung hindi siya nagkakamali. Dahan-dahan siyang lumapit.

Sinalubong siya ni Manang Delia niya na bumibitbit ng isang malaking silopen. "Te, kumusta na pakiramdam mo?"

"Mabuti-buti na. Uminom ako ng mainit na tubig. Mabuti't narito ang mga bata."

"Hay naku, ganun talaga si Eki. Maliit na bagay, magtatampo. Nasanay kasi kay Nanay na pinapayagan lang palagi. Kahit pansaing nila noon, sa matanda pa inaasa. Ang mga maliliit na 'yan, hu, ang pinapupunta. Kung ikaw ba naman ang matanda..."

Inabot ni Manang niya kay Mark ang bitbit na silopen. Iyon lang at nalaman ni Beryong na mga tinola. May nakabalot na putsero, may langka at baboy, may valenciana.

"Ipaalala mo naman Mark na lima na kayo at sana hanggang diyan na lang. Kasi kung ako na naman, mapagsabihan lang na kontrabida. Hambog daw dahil may anak na nagtatrabaho sa syudad. Hindi na malalapitan na abaw, kung tutuusin, ako ang bumili ng yuniporm sa Gurl Skawt ng isang 'yan, hu. At di ba Mark, pati pang-alawans mo nun?"

"Intindihin mo na lang, Te, si Tatay," sagot ni Mark. "Ganun lang siya talaga, maramdamin. Pero alam n'yo rin naman na hindi siya marunogn magtanim ng galit. Problemado lang siguro sa pagsasaka kasi kahit nang-sprey na, marami pa ring damo at peste.

Maaga pa siya kanina lumakad pa-bayan. May dalang malunggay at alugbate at para makadalaw din kaagad sa sementeryo. Kaya lang di na marahil dadaan dito dahil manganganak ngayon ang baboy at nag-iisa lang doon si Nanay.”

“Te, ano pa nga ba ang magawa ko kundi intindihin. Kung saan man si Lola at Lolo n’yo ngayon, sigurado akong ‘yan din ang sasabihin sa akin. Isa pa, matanda na ako at di na rin tatagal. Siya na lang din ang kapatid namin.”

Naalala ni Beryong ang mga almusal, tanghalian, at hapunan nila ni Manang niya: mainit na kaning lumulutang sa tubig na nabudburan ng asin; lugaw, at kaning may halong mais. Sa mga kinaing ito yumabong ang kanilang pangarap na maputol ang kurdon ng kahirapan. Ngayon, naunawaan niya kung bakit nag-iisang anak si April at kung bakit ganuon na lamang ang panggagalaiti – na isang pag-alala – ni Manang niya kay Eki.

Nakikita niya ang kasamahang Manong: Si Carlos, si Fred, si Porping, si Magno. Umaalingawngaw ang takot, pag-aalinlangan at pagtataka sa kanilang boses sa kanyang naging desisyon – ang umuwing kinukuba ng kamalasan. Sapat na, ayon kay Carlos, ang makauwi sa isipan, kung ang pagbabalik nangangahulugang walang pamilyang maaabutan at kung mayroon man, nakaposas pa rin sa kahirapan.

Tutuo, masakit ang pagharap sa katotohanang ito ngunit malinaw sa kanyang karanasan sa unyon na hindi madali ang pagbabago. Isang ilahas na mailap ang pag-unlad. Lalo na kung nasa kamay ito ng mga buwaya. Madugo ang mga naging diskusyon nila sa mga isyu tulad ng pagdok-yument sa mga obrero na pumapasok; sa pagturo sa mga obrerong magpundar ng kabuhayan, at higit sa lahat, sa pagpapatayo ng retirement home. Kahit ang mga isyung hindi nabigyang katuparan hanggang ngayon, laman ng pakikipaglaban ng mga obrero sa buong sulok ng mundo. Katulad ng pagtaas ng suweldo at pagbibigay ng iba pang pribiliheyo. Sa kanyang paniniwala, walang may nasayang na oras at pagkilos. Kaalaman ang naging kapalit ng lahat ng kanyang paghangad, pakipaglaban, pag-asa.

“Sa’n nga pala uli sa inyo?”

“Sa Igtuba.”

Ito ang tawag ng kanilang mga magulang sa maliit nilang lupa sa kabila ng ilog. Doon sila noon nagpapastol ng baka at naninirador ng mga pipit at maya.

SA PAGBABA ng araw sa hapong iyon, nanungkod si Beryong sa pagtultol ng palayan palabas sa baryo. May bitbit siyang isang malaking plastik bag. Minabuti niyang huwag magpahatid. Buo ang kanyang paniniwala na alam pa rin niya ang daan patungong Igtuba.

Matataas ang mga talahib sa gilid ng daan. Maraming makahiya at mamaya-maya lang siya mapapakislot sa kinulas-kulas ng mga bayawak sa kawayanan. Nang makarating siya sa ilog, sinalubong siya ng malalaking bato na maaring malatayan. May natanaw siyang dalawang malaking balon sa kabila na iniigiban ng isang bata. Sa ilog na ito siya natutong lumangoy. Noong isang ilog pa talaga ito. Sa bangin sila noon nagpataas-taas ng ihi bago lumukso't-lumangoy. Hinubad niya ang tsinelas, tinaas ang pantalon, at lumubog. Sa California, kahit isang sapa, wala man lamang siyang nadaanan.

Nagbuyok ang tungkod niyang sanga ng madre cacao sa pag-akyat sa bangin. Nang makaakyat, sinalubong siya ng bubong ng isang kubo sa di kalayuan malapit sa puno ng mga sinigwelas at niyog. Palapit, naging malinaw sa kanya ang larawan ng isang lalaking tumatahip. Nakakabingi ang iwik ng mga biik. Humina lamang ito nang lumapit ang isang babae, naka-patadyong, upang magpakain ng baboy. May sumisibak ng kahoy. Tumahol ang aso bago pa siya makatawag. Dalawang bata ang tuwang-tuwang sumundo sa kanya.

“Sana nagpahatid ka, Uncle,” bati ni Mark na pinatong sa tambi ang bilao. Lahat napatigil: si Eki sa pagsisibak; si Lorna sa pagpapakain ng baboy na sinususuhan ng walong biik; ang dalawang bata na nakatunganga, at ang dalawa pang nakamasid sa mababang bintana.

“Narating din naman ako, a,” sagot niya na nakangiti sabay sandal ng sungkod sa haligi ng tambi. Hinarap niya ang babae. Mahiyain ang mga ngiti nito. Maliit, isip niya. Halos lahat maliit sa babaeng ito – ang kanyang mga mata, ilong, baba, pisngi, bisig, ang buo niyang katawan. At nangingibabaw ang kagandahan sa maliliit na ito.

“Beryong,” abot niya ng kamay.

“Lorna.” Namunas muna ito ng kanang kamay sa patadyong.

“May tuba kaya mam’ya?” Tanong niya.

“Maya-maya, dito na siguro si Roming,” sagot ng babae na lumingon kay Eki sa paghingi ng pagpapatutuo.

Hindi sumagot si Eki. Patuloy ito sa pagpasok ng mga sinibak sa siklat ng bahay.

“Loyalista ka pala,” bati ni Beryong sa bunsong kapatid. *We Love Marcos* ang nakasulat sa likod ng t-shirt nito.

Tumawa si Eki. Tapos na ang kanyang obra. Tinapik niya sa balikat si Beryong nang makalapit ito. “Tao’ng ‘to. Para kang NPA kung magsalita. Pinamigay ‘to no’ng kainitan ng eleksyon. Tatlo nga nadawi ko, e. *We Love Cory* ang isa.”

“Ba’t ikaw, Uncle, Marcos ka o Cory?” Si Mark habang pumipili ng mga pasi sa tinaphang bigas.

Binuhat muna ni Beryong ang dalang bag papuntang tambì at umupo sa tabì ng pamangkin. Umupo rin si Eki sa gilid ng tambì. Kulang na lang isang bol ng tuba sa kanilang harapan.

“Pinagdiskusyunan namin ‘yan sa unyon. Pinagdebatehan. Nag-away-away nga kami dahil sa pagkakaiba ng paniniwala. Pumunta doon ang isang opisyal ni Marcos. Humingi ng suporta sa unyon na sa panahong iyon, malakas at aktibo. May mga lideres na nangilkil. Personal na interes nila ang sinulong. Sa panahong ‘yon, mas lalo akong bumilib kay Philip. Isa siya sa mga lider na naging malapit sa akin dahil magkatugma ang ihip ng aming isipan. Sa paniwala ko, siya lamang ang lider na lubos nakaunawa sa tunay naming sitwasyon. Hamakin mo, ha, tumayo siya at umakyat sa entablado at nagsalita sa mikropono ng “Yes tu fredam of ekspresyon. No tu Marsyal Luw! Dawn tu Marcos!” Sus, parang magiba ang kwartong pinagpulungan sa dagundong ng palakpak namin sa kanya.”

“Tutuo nga bang Amerika is da land of fre?”

“Ang tutuo, Mark, hindi. Lalo na sa mga walang pinag-aralan at mahihirap. Sinesentesyahan ka ayon sa amoy mo’t kulay. Noon nga, may nakahalambra pa sa pintuan ng mga restawran na *No Pilipinos Allowed*. Kaya nga nagdesisyon akong mag-aplay sa pagka-citizen para makatanggap ng mga pribiliheyo at makaboto. Sabsidy mula sa gobyerno ang bumubuhay sa akin doon. Mas mabuti na ‘yan kaysa maging palamunin pa ninyo ‘ko dito. Saka alien na rin ‘ko dito. Kaya hindi kita madala, Mark, gustuhin ko man, sa simpleng dahilan na hindi ko kaya. Ibang bagay na ang pinupuntahan ng natitira kong tapang sa isipa’t dibdib. Aanhin ng nasisira kong mga buto? Humihintay na lamang ako ng aking oras.”

Animo’y isang hinaing ang simoy ng hangin sa mga huling kataga ni Beryong. Muli sila nitong pinipi.

Isang lagapok ang pagkahulog ng mga paklang ng niyog. Umakyat-bumaba ang paningin ni Beryong sa lupa at sa kumpol-kumpol na bunga ng niyog. Nagliwaliw ito patungo sa palayan na nagmamalaki ng tanim na mais, hanggang sa mga bakulod na sumasakop sa Igtuba saan nanga-halimuyak ang bulaklak ng banaba, madre cacao, mariposa at nangaitim ang bugnay at duhat. Ang baryo sa tabing-ilog, unti-unti nang pinapalamutian ng mga sinas na atip. Gusto niyang matandaan ito lahat. At madala pabalik.

Tumayo si Eki. “Tsk-tsk, kanina pa nanaog mga butiki, ano’t wala pa rin si Roming. Baka sa ilaya pa lang naubos na. Hayaan mo, ‘Nong. Bukas, umaga pa lang kontratahin ko na.”

“Baka gusto ni Manong ng buko,” si Lorna na kumukuha ng bilao ng nataphang bigas para magsaing. “Nong, pasok na tayo, madilim na.” Binitbit din nito ang malaking plastik bag. Kaagad kampod sa kanya ng mga bata. “Hindi ‘yan sa inyo, h’wag n’yong baluskayin.”

“Para ‘yan sa kanila,” sagot ni Beryong na sumunod papasok. Malawak ang kawayang sahig na sumalubong sa kanya. May mga nakapatung-patong na karton ng mga bayo sa isang gilid. May mga medalya at ribon na nakasabit sa dingding. May hagdan panaog sa kusina na lupa. May banggerahan sa gilid ng saingang-lupa.

LIWANAG mula sa tatlong kingke at sa bukas na bintana ang lumilikop

sa kanila sa loob. Dinala ni Mark ang malaki-laking kingke sa isang pusod at malakas na binasa ang isang komiks sa nakatungangang mga kapatid. Sumisirit-nangangamoy ang iniinit ni Lorna na putsero. Nakasa-lampak sa pagkaupo si Beryong, minamasdan ang mga pamangkin na nakikinig sa pagbasa-kuwento ng kanilang Manong Mark tungkol sa isang sepulterong nagnakaw ng gintong pustiso sa sementeryo.

Maya-maya, sinubukan ni Beryong i-unat ang kanyang mga binti. Napakirot siya sa pagngalay ng mga tuhod at pagsakit ang kanyang likod at mga balikat. Pakiramdam niya, pinapasan niya ngayon ang lahat ng pagod ng mga dantaong pagkayod.

“Hayaan mo ‘Nong, hilutin kita mam’ya,” sabi ni Eki na nakatanaw sa kanya mula sa kusina. Nagpapatulo ito ng buko sa isang babasaging baso na kinuha pa ni Lorna sa isang pinakakaingatang karton.

Lumalakas sa pandinig ni Beryong ang kala-kala ng mga palaka at kulisap sa labas. Sumisimpon sa tawanan ng mga pamangkin sa ngayo’y masayang kuwento na binabasa ni Mark. Naaaliw siya. Para siyang inu-oyayi. Nilapag ni Eki ang isang baso ng buko sa kanyang harapan. Nanginginig siyang inabot ito. Napakalayo ng California, bulong ng kanyang isipan, lubhang napakalayo.

(2003)

promdi@manila

NAKAUPO SIYA sa kama, magkadikit ang mga paa, kandong ang

bigat ng kanyang laptop. *Ode to My Family* ng Cranberries ang nakasalang sa CD. Sumasabay sa tugtog ang kanyang ulo't balikat habang sumasayad sa kanyang dila ang init ng cappuccino, take out mula Starbucks. Studio type ang kanyang nirerentahan. Nasa 6th floor ito ng isang bilding sa kahabanan ng Gil Puyat Avenue.

Sarisaring hugis at laki ng bulbs at lamplights ang nakaposisyon sa iba't ibang sulok. Mag-aalas nuwebe ngayon ng gabi. Repleksyon ng mapupusyaw na pula at dilaw ang nakapokus sa folding table sa centerfloor -- kinatatayuan ng isang basket ng stasis at potpourri - kinapapatungan ng hardbound na dalawang gabi na niyang binabasa, ang *Rich Dad, Poor Dad: What The Rich Teach Their Kids About Money – That The Poor and the Middle Class Do Not!* nina Robert Kiyosaki at Sharon Lechter.

Gumagapang ang kanyang paningin sa kabubukas na email. Galing ito sa kanyang Ate Jane, isang nurse sa Cambridge Memorial Hospital. Bumibisita daw palagi ang kanyang Mama sa Inquirer.net at Philstar.com. Nagbabakasakali ito na makita siya sa mga pictures sa anti-Erap rallies, lalo na ang sa Ayala.

Napalunok siya ng laway. Naisip niyang three years in Canada is too short nga to tame her Mom. Activist ito, katulad ng kanyang Papa.

Galit ang sumusundot sa kanya tuwing maalala ang pagkamatay ng kanyang Papa.

Tumunog ang kanyang 6210. New message. Si Dax ang naisip niya. Suitor niya ito, isang web page developer sa Ortigas. Alam niyang kukumustahin nito ang result ng shooting niya kanina para sa isang TV commercial.

Sa edad na 25, siya si Julia Sebastian, Assistant Creative Director ng Harrison Communications na nasa HSBC Enterprise Building sa Ayala Avenue. Copy writer siya for three years bago na-promote.

GUD PM.KMUSTA? C TERAY DYA JUL. NONG GWA MO?. T.B.

Umasim ang kanyang mukha sa pagbanggaan ng kanyang mga kilay. Wrong sendee! Erase message?

Napatigil siya. Binasa niya uli ito - tunog Kinaray-a – at isa lang ang Teray na kilala niya. Si Teray na kapitbahay nila sa Antique. Manikurista nilang magkakapatid ito noong hayskul. Napangiti siya nang maalalang 20 lang ang pedicure at manicure noon. Si Fred ang asawa nito, ang maestro karpintero sa kanilang barangay na gitarista niya noong elementary sa mga singing contests. Mahilig at magaling ding kumanta si Teray. Siya ang nagturo sa kanya ng *Green, Green Grass of Home* ni Tom Jones at *Country Road* ni John Denver. Noong ika-50th birthday ng kanyang Papa, naalala niyang nag-duet sila ng *Top of the World* ng Carpenters.

Kinukutuban siyang nakikipagtsikahan si Teray sa malaking bahay. Ito ang tawag ng mga tao sa kinalakhan nilang ancestral house na pagmamay-ari ng kanilang Lola Asun na namatay nang ipinanganak ang kanilang Papa.

Nag-text back siya: k lng. kmusta kyo?

Ipinagpaliban niya ang pag-reply sa email ng nakatatandang kapatid. Ayaw niyang makipagtalos. Hindi pa niya napapag-isipan kung magsasaboses din siya ng Erap, Resign! sa mga kalye at avenyu. Ikina-iinsomya niya ang P62.80=\$1.00; ang cost cutting, ang pag-pull out ng ilang kliyente. Ikinaiiyak niya sa poot ang milyon-milyong nilustay sa mahjong, mansion, mistresses habang naaalala ang 500,000 + na budget para sa water system sa kanilang barangay na for several years binalik-balikan ng kanyang Papa sa Governor's office.

Nilakasan niya ang volume ng CD. Isinandal ang ulo't likod sa malalaking unan sa likuran. Inilipat sa gilid ang laptop. Itinuwid ang mga paa. Inihagis ang plastic cup sa thrash can sa paanan. Di ito na-shoot.

DITO KO FORT BONIFACIO. LIBRE KA BUKAS? PWDE SUNDO MO KO SIMBHAN BCLARAN? GUSTO KO KASI PUNTA CALOCAN.

Bumangon siya. Isinisigaw ang kino-compose na reply: wtz ur bsnes dr?! dnt tel m k2lung k!

Napakatanda na ni Teray para sa kanya. Alam niyang malalaki na ang mga anak nito. Kababata niya ang panganay nitong si Gerry na natatandaan niyang magaling mag-drawing at mag-lettering. Wala siyang balita dito.

Sumagi sa kanyang isip na maaring hindi maintindihan ni Teray ang pagka-compose niya ng message. Kaagad niya itong binura. Nagpasalamat siya na hindi niya ito nai-send. Sa

tono nito, baka nasaktan lang niya si Teray. After all, kung lumuwas man ito para maging katulong, naisip niyang it's none of her business.

Yakap-yakap ang throw pillow, naalala niyang noong bata siya, idol niya ang lahat na galing Manila. Kasi lahat nang bagong dating, pumuti at magaganda't uso ang mga damit. Saka may pera.

Bago magpyesta, tuwing Pasko at bakasyon, ugong ng paparating na 76 Liner ang inaabangan ng buong barangay. Nakahilera silang mga bata sa gilid ng bakod. Panay ang kalabit nila sa isa't isa habang ibinababa ng mga kalalakihan ang mga bagahe at lata-latang biskwits. Sunod-sugod sila kaagad sa kabahayan para sa M.Y.San at Rebisco.

“Punta rin ako ng Manila paglaki ko. At bibili ako ng napakaraming tinapay.”

Tumawa noon ang kanyang Papa, saka binuhat siya at pinisil sa ilong. “Sa Manila ka magkokolehiyo. Ikaw ang babawi sa Tatay mo.”

Nang unang lumuwas siya para mag-aral sa UP, pinagtatakan niya kung saan-saan nanggagaling ang libo-libong naghahabulan at nagsisiksikan sa dyip, bus, at LRT. Nabigla siya sa taas ng presyo ng mga gulay at prutas. Muntik na siyang mabangga sa Katipunan nang matulala siya matapos ihagis ng batang kalye ang pisong inilimos.

Pagbibisita sa mga kamag-anak ang naging ritwal niya noong mga unang buwan sa kolehiyo. Natuklasan niya sa pakikipagkwentuhan na pawis ng pakikipagsapalaran bilang mga factory worker, security guard, saleslady, katulong, construction worker, etcetera ang nagpatikim sa kanya ng lata-latang tinapay.

Binasa niya uli ang message. Nag-pouting lips siya.

Tumayo siya para i-tsek ang iskedyl sa nakasabit na calendar planner:

SUNDAY

830-10 GYM

2- 4 Cine Europa, Shangrila - *Flores de Otro Mundo* (Spain)

6 *Speaking in Tongues* (Dulaang Talyer), Australian Centre

call/text Roli for confirmation before 12: 833-2490/ 0916-2552438

Last day na ng Cine Europa. *Flores de Otro Mundo* is a film by Almodovar at ayaw niyang ma-miss ito. Sunday lang ang araw na makiki-claim niya for herself. Pinapa-review naman ni Roli para sa *Today* ang *Speaking in Tongues*. At strictly by invitation ito.

Nag-iisip siya - palakad-lakad; dinampot sa itaas ng drawer ang hairbrush at sinuklay ang Bob cut na buhok; binuksan ang closet, binilang ng mga mata ang naka-hanger na mga signature clothes; tumayo sa harap ng standing mirror at napangiti sa refleksyon: 5'4, 34-25-35, heart-shaped na mukha, shaved na kilay, maliliit na mga mata, ilong na katamtaman sa tangos – baka may kabarangay siyang available para sumundo at humatid kay Teray sa Caloocan.

Naalala niya ang dating directory na nakatago sa closet.

Tinawagan niya ang number ni Boy, security guard sa isang warehouse sa EDSA extension.

“The number you dial is no longer in service.”

Sinubukan niya ang number ni Rose, kababata na nagtatrabaho sa Goldilocks sa Libertad.

"Pang-umaga na siya, e."

Napabuntunghininga siya. Wala siyang cell number ng mga ito. Hindi na siya dumadalaw sa mga kamag-anak at nakikipagkita sa mga birthdays, at kung anu-anong gatherings. Palagi siyang nauutangan na hindi nababayaran. Palagi siyang naanya-yahang maging ninang. Ayaw niyang magkaroon ng inaanak na di niya feel.

Tandang-tanda pa niya. 1992 iyon. Mag-eeleksyon. Tumatakbo bilang Mayor ang kanyang Papa. Bumisita siya sa Caloocan, kina Uncle Tony niya, pinsan ng kanyang Papa. Birthday ng kanyang tiyuhin. Galante ito pagdating sa inumin at pulutan kaya halos doon lahat ng kalalakihan ng barangay. Gabi at masaya ang kwentuhan.

"Jul, halika dito." Pasigaw na kaway ng kanyang Uncle. Malaking tao ito, nasa kalagitnaan ng 50. Buy and sell ang pinagkakaabalahan.

Lumapit siya. Balak niyang sumakay sa maaring pagbibiro o pang-aalaska nito.

"Tsk...tsk...byuti an breyn 'tong pamangkin ko. Pero ewan ko lang kung makakatulong 'to sa akin. Si Papa mo? Huh, wala 'yon, kahit manalo pa siya ngayon. Kulang sa diskarte, Jul, walang diskarte si Papa mo. Mahina. Hamakin mo, ha, Vice-Mayor sa loob ng siyam na taon pero wala man lang ni isang kamag-anak na naipasok sa munispyo. Pwe!"

Napanting ang kanyang tainga. Nanginig siya. Lumukso ang ilang bote ng beer, plato, at tinidor sa lakas ng kanyang pagsipa sa mesa. Nabigla at nagulantang ang karamihan. Kaagad siyang pumasok, kinuha ang bag para bumalik sa dorm. Hindi siya nagpaawat. Chance passenger siya sa first flight ng PAL kinaumagahan. Matagal bago nagkabati sila ng kanyang Uncle Tony.

KUNG PWDE LANG SANA. KALANGAN KO NA KASING UMALIS DITO.

Idinayal niya ang numero. Lalaki ang sumagot sa pangatlong ring. “Si Teray? Ito ba ang pamangkin niya? Sandali lang ha...”

Hindi niya ito ikinabigla. Kanina pa niya naisip na maaring nakikisuyo lang si Teray. Pero naiintriga siya. Kilos-pagmamadali at pabulong na pag-uusap ang kanyang naririnig.

“Jul? Uh, si Teray dya. Te, pwede ‘kaw? Sa simbahan lang ng Baclaran. Maliligaw na ‘ko pag lumampas pa dyan.” Tumawa ito. Kontrolado. “Parang di ko na nga matandaan masyado, e. May MRT na kasi. Alas dyes...? Di pwedeng maaga-aga pa?”

Naiinis siya dahil hindi siya nakasingit at nakapaghindi. Feeling niya, it was as if nakikipag-usap lang si Teray sa 14-year old na Julia.

Pero natatakot din siyang hindi ito siputin. Alam niyang magi-guilty siya in case may masamang mangyari kay Teray. Sasabayan lamang niya ito hanggang Monumento at pasasakayin ng dyip. Didiretso naman siya sa Shangrila, pagkatapos sa Paseo sa Australia Center.

Inilipat niya sa low cool ang aircon. Pinalitan ng *Paint The Sky With Stars* ni Enya ang Cranberries.

Nakikita niya sa isipan, habang nakikinig, ang kanyang Papa. Maliit itong tao. Nagsasapatos lamang ito kung papasok ng simbahan. Kumportable ito sa sandalyas, camisa de chino, slacks. “Magpasalamat kayo at pagserbisyo lang sa Diyos at tao ang bisyo ko. Hindi ako umiinom o naninigarily o nagsusugal kaya o nagsasabong.” Ito ang standard niyang sagot kapag pinapansin nilang magkakapatid ang pagiging mapag-bigay nito.

Barangay Captain pa lang, takbuhan na ng tulong ang kanyang Papa. At hindi ito marunong humindi. Mapa-bigas man nila o pang-allowance. Maging sa kanyang oras na minsan, nakakalimutan na nitong magpagupit ng buhok at mga kuko. Pati ang mag-shave.

Sweldo ng kanilang Mama bilang high school principal ang bumuhay at nagpaaral sa kanila. Kaya kapwa niya hinahangaan at kinamumuhian ang kabutihan ng kanyang Papa. Ipinapasa-Diyos lamang nito ang problema sa pera na inihahaing nilang magkakapatid. Wala silang ari-arian. Nakaranas siyang magtiis ng noodles sa dorm; magpalipas ng gutom sa library at malls, pumila at umabang sa kakarampot na stipend galing sa gobyerno.

“Well, mag-rally kayo, basta ako, I would rather do something profitable. There will always be rich and poor.” Iniiwasan niyang makipagdiskusyon tungkol sa Marxism. Ayaw niyang ma-involved sa NGOs at volunteer works. Kagaya ni Justine, ang kanilang bunso na isang Associate Missionary of Assumption at nakadestino sa Bukidnon.

Lumalim ang pagsusumikap niyang magkapera nang mamatay ang kanyang Papa. Nag-o-observe siya nang hapong iyon sa mga leaders na abala sa pagdi-distribute ng sample ballots sa mga pumapasok na supporters. “Ambush. Pababa na sila ng Danawan,” report sa two-way radio ng isang supporter.

Lumuksa siya sa galit at alam niyang with money, there will be justice. Nakakulong ngayon ang mga suspek. Patuloy ang imbestigasyon. Magkakaroon ng panibagong hearing pagdating ng kanyang Mama.

I SINISIKSİK NIYA ang katawan sa nag-uunahang pasahero ng LRT.

Mahigpit niyang yinayakap ang shoulder bag. Magkapatong ang kanyang mga paa sa pag-kaupo. Naka-sleeveless siya ng itim, cotton. Naka-capri pants ng beige. Naka-leather sandals.

College pa siya nang huling tumuntong ng Baclaran. Alas nuwebe sa sindihan ng mga kandila ang usapan nila ni Teray.

Isinuot niya ang Armani shades habang pababa ng istasyon. Takip-takip niya ng Kleenex ang ilong at mga bibig. Nabibingi siya sa ingay ng mga dyip, ng mga nagsisidaan, ng mga tintera. Naiinitan siya sa paglalakad. Pakiramdam niya, tinutusok siya ng mga silahis ng araw. Nasisikpan siya at naguguluhan sa daan. Kabilaan ang display ng mga mumurahing damit at gamit pambahay.

Napa-sheetz siya; nagsisisi kung bakit hindi nag-taksi. Nalilito siya kung saan liliko papuntang simbahan. Nagtanong siya sa isang may edad na tintera ng mga prutas.

PINAGMAMASDAN NIYA si Teray mula sa pagkatayo sa pintuan.

Malaki itong babae – malapad ang beywang – malulusog ang mga suso. May kaputian. “Palaging postura,” ito ang natatandaan niyang sabi nila. Hindi ito lumalabas ng bahay na walang lipstick. Kahit para umigib ng tubig sa poso o magwalis sa bakuran.

Kumikibot-kibot ang mga bibig nito habang nakatayo sa harap ng nakasinding kandila, hawak-hawak ang rosary. Nakalapag sa tabi nito ang maroon na traveling bag, give away ng PNB.

Umangat ng tingin si Teray at nagtama ang kanilang mga mata. Kaagad binuhat nito ang bag at lumapit sa kanya.

"Oy, Jul, kanina ka pa? Nag-gwapa ka na gid bala!"

Ngumiti siya. “Syempre, dalaga. Kumusta?”

“Heto, mabuti at hindi nadisgrasya. May awa pa nga rin ang Diyos. Di ba sabi ko sa’yo sa Fort Bonifacio ako? Hay naku, daig ko pa ang priso doon.”

Papalabas sila ng simbahan. Alam niyang tuloy-tuloy na ang pagkukuwento ni Teray. Gusto na niyang maupo. Natanaw niya ang Goldilocks sa kabilang kalsada. Gutom na siya sa breakfast na toasted bread at asparagus soap.

“Gusto mo lunch tayo?”

“Sa Jollibee?”

“Ikaw.”

“Sa Jollibee na lang, Jul. Para pag-uwi ko may ikuwento akong nakakain ako ng fried chicken ni Aga.”

Tumawa sila. Maya-maya, pinahiran ni Teray ng panyo ang namamasang mga mata. Alam niyang hindi iyon luha ng kanilang pagtawa. Nakaramdam siya ng bigat ng dibdib.

"DUMATING KASI si Ronnie, 'yung anak na army ni Condring

na kay Berto. A, hindi mo na siguro naabutan. Nagpapahanap daw ng katulong ang kanyang boss. Free naman ang pamasahe at 2,000 ang sweldo. E, di, syempre, naengganyo ako, ano. Pero ayaw talaga ni Manong Fred mo. Alam mo naman 'yun. Magkakwarenta y sais na kami pero gusto pa ring sweet lang palagi. Sabi ko, anim na buwan lang, para mabawas-bawasan ang utang sa Coop. Ay naku, Jul, patung-patong ang utang namin. Paano, syempre, Coop lang ang takbuhan. Wala na kasi ang Papa mo.”

Napatigil siya sa pagsubo ng spaghetti. Napatingin sa labas.

Tinakpan ni Teray ng kamay ang bunganga. Napalunok ng laway.

“It’s okay.” Inginuso niya ang di pa nauubos na french fries. “Kumusta si Gerry?”

“Ay abaw, Jul, salamat at nakahanap siya ng sponsor. Seminarian siya, sa St. Peter’s. Si Acay naman, HRM sa St. Joseph. Scholar din kaya lang masakit pa rin ang lingguhang allowance. Hindi na kasi namamanday si Manong mo. Inaatake na palagi ng rayuma niya at ulcer. Dalawa na ang apo ko Jul. Nag-asawa na kasi si Tina, hindi pa nakatapos, nabuntis na. Mabuti lang at masipag naman ang asawa. Hay naku, ang kukulit. Maka-Lola. May nakita nga akung laru-laruan doon kanina. Mura lang. Sabi ko, siguradong magugustuhan nila ito.”

“O, ano nang nangyari sa’yo doon sa Fort?”

“Aba ano, kotse ang sumundo sa akin sa pier. Mga military din. Doon nga ako dinala sa Fort Bonifacio. General pala ang boss ko. Tatlo ang anak. Maliliit pa. Pagkatapos may mongoloid. Hay napakasuplada ng asawa. Akala mo kung napaka-gwapa. Kung wala sigurong mga mamahaling cream at lotion ‘yun, ewan lang. Tatlo pala kami. May kanya-kanyang trabaho. Ako ang taga-linis at tagalaba. Sus Ginuo, napakalaking bahay. Tayms two ng bahay nyo! Ang pinakamasaklap, wala man lang TV, walang radyo, bawal gumamit ng telepono, at bawal makipag-usap. Diyos ko, sabi ko, mapapanis pala ang laway ko dito! Pagkatapos kapag andyan ang babaeng ‘yun, hay, parang sinisilaban ako. Kinakabahan lang ako palagi. Tutubuan ako nang nerbyos kung tumagal pa ako. Abaw, mabuti lang Jul kasi Ilonggo pala ang isang security guard. E, alam mo naman ako, ma-PR. Kaya ‘yun, nakipag-text ako. Ganun pala mag-text. Pindot-pindot ka lang, parang break game. Natataranta nga ako kasi patago lang. Noong isang araw kasi, sinigawan ‘yung isa kasi nakikipag-text din yata. Doon ko dinala sa CR. Ang ganda ng CR nila, maganda pa sa tinutulugan ko. Sabi ko, hay, mabuti pa nito sa probinsya, malaya ka. Tatal nakakakain naman

kami doon ng tatlong araw, uuwi na lang ako. May awa rin ang Diyos, mababayaran din ang mga utang na ‘yan.”

"E, saan na si Ronie na 'yon?"

"Yun na nga, e. Parang bulang lumaho. Pinagtanung-tanong ko nga sa mga guard, di raw nila kilala. "

"Mabuti naman at pinayagan ka."

"A, kahit di sila pumayag, aalis pa rin ako. Kahit wala nang sweldo. Pero naisip ko na, aba, hindi kasama sa usapan na ibabalik ko ‘yung pinamasahe ko. Sobra naman ako sa kalahating buwan kaya dapat lang ibingay nila ‘yung isang libo. Aba, pambili ko pa ‘yun ng pasalubong. Buti lang at na-taymingan ko ‘yung lalaki. Wala nang etseburets.”

Dumukot si Teray sa bulsa ng traveling bag na nakapatong sa silya. Binuklat nito ang isang yellow pad. Naglalaman ito ng mga address at contact numbers.

"Doon muna ako kina Manang Susan. Mga isang lingo. Tatal dito na ako, di ba? Malay mo, makadelihsya pa ako. Bootleg na pantalon, alam mo ba ‘yun? ‘Yan kasi ang matagal nang pinabibili ni Acay. Briefs naman ang gusto kong ibili kay Manong mo. At gusto ko rin sanang makabili ng bagong nipper at ‘yung mga uso na kulay ng kyuteks.”

Natutubig ang kanyang mga mata sa pag-i-imagine ng mga gustong bilhin ni Teray. Alam niyang mas malaki pa ang nagagastos niya sa isang trip sa DermClinic o di kaya’y sa David’s Salon sa total price ng mga ito. “Excuse me, mag-restroom lang ako.”

Kaharap ng salamin, nakikita niya sa sariling mukha ang kanyang Papa. Magkasing tangos ang kanilang ilong. Kinapa niya ang ATM at ang HSBC card sa shoulder bag.

T

UMATAKBO SA Roxas Boulevard ang taxi na sinasakyan nila.

Hawak-kamay sila sa backseat, sumasabay sa The Carpenters: “*All my best memories/ Come back clearly to me/ Some can even make me cry/ Just like before/ It’s yesterday once more.*” Papatungo sila sa SM Manila.

(2002)

Ang Bulalakaw, Canada, at si Bob Marley

Binuksan ni Roy ang gripo. Mahina dahil ayaw niyang mapuno kaagad

ng tubig ang rice cooker, mga pinggan at basong dineposito sa lababo. Itong lababo at tatlong banyo ang komon nilang espasyo - mga siyam silang borders - dito sa iniipis at inaanay na bilding sa kahabaan ng Harrison sa Pasay. Kinuha niya sa gilid ng tainga ang nakaipit na stick ng Hope menthol, pinasok ito sa filter at sumindi sa lighter mula sa bulsa ng maong na shorts.

Kanina sa Burgundy Tower sa Vito Cruz, may pagmamalaki siyang naramdaman na mga graduate ng Pol Sci at Computer ang nakasabay niya. Messenger ang kanilang inaplayan. Isa lang ang kukunin at higit sampu silang nakapila sa labas. “O, kumusta pare?” Bati niya sa unang tinawag na nakilala niyang si Tony, 21, may-asawa at isang anak. “Heto, magsisimula na sa Lunes...” nangangamot na sagot, “magsisimula uli sa paghahanap.” Tawanan sila. Natatawa siya ngayon. Pinapasa lang siya ng resyumi. Tatawagan na lang daw. Ulol, saloob-loob niya. Di n’yo ‘ko maga-gago!

Tatlong buwan na ang nakalipas. Lumuwas siya para subukan ang suwerte sa pagsi-seaman matapos makumbinsi ni Dexter. Ka-tropa niya ito noong kolehiyo sa John B. Lacson sa Iloilo. Pumapatak na raw sa 120 thousand ang sweldo buwan-buwan. Madali lang daw sa agency nila sa Intramuros. Hanapin lang daw niya si ganito. Akala mo kung sino, sigaw ng kanyang utak, di lang naman pala kilala sa opisina.

Humitit siya at sinundan ng mga mata ang usok ng kanyang unang buga papalabas sa jealousies. Tumitingkad ang dilim at ingay sa labas sa kislapan ng mga billboards sa kaharap na condo. “May bulalakaw bukas ng umaga mula 2:30 hanggang 4, nabasa ko kanina sa dyaryo,” wika ni Anya habang naghahapunan sila kanina. Dami na’ng utang niya sa babaeng ‘to. Noon pang isang buwan siya nakapagbigay ng isang libo.

Pero kunsabagay, konswelo niya sa sarili, ginagawa ko naman siyang prinsesa. Kakain na lang ito. Pati panty nga, siya na rin ang lumalaba. Tant’ya niya, nakapahid na ang babae ng cream sa mukha, nakabihis pantulog, at bumabasa na naman. Ang hilig nito sa mga pocketbook at magasin ang umaantala sa kanilang pagsiping.

Pinatong niya sa gilid ng bintana ang sigarilyo at dinampot ang scotch brite. Binuhusan niya ito ng konting Joy Ultra. Piniga at pansamantalang pinaglalaruan ang mga bula sa kamay. Gusto niya ang lambot at dulas nito. Ganito siya tuwing maghugas ng pinggan. At palagi, naaalala niya ang edad. 27 na siya at wala pa ring narating.

Sinalubong siya pabalik sa kuwarto ng tunog ng kanyang cellphone. “La

na akong pera,” tumatawa niyang dampot sa cellphone nang malapag sa mesa ang pinaghugasang rice cooker at mga pinggan. Nanay niya ang nasa kabilang linya.

“Tumawag si Auntie mo. Kung gusto mo ba raw?”

Canada ang tinutukoy nito. Matagal na sa Quebec ang kanilang tiya at mgdadalawang taon na rin doon si Manang niya na isang midwife. Uuwi na ito para magpakasal. Siya naman ang papalit. ‘Yan ay kung gusto niya. Naantig siya sa pagpapahalaga ng tiya at pamilya sa damdamin niya’t desisyon ukol dito.

“Sige...bakit hindi. Malabo rin naman ‘yung ina-aplayan ko, e. Dami’ng syurt kurses na kukunin at kahit nga ‘yung mga matagal na’ng nakasakay, nahihirapan pa rin, e.”

“Kaya nga ito na ang asikasuhin mo dahil andyan pa si Auntie n’yo na tumutulong. Iti-tek na lang mam’ya ni Nene ang numero na tatawagan mo. O, kumusta naman kayo d’yan?”

"Wala na ako kina Dodong," pagtatapat niya. Ayaw niyang sa mag-asawa pa ito malaman ng pamilya o sa kaninong tsismosa sa kanilang lugar. “Syempre, mag-asawa ‘yun at di ba nakwento ko na sa inyo na maliit lang naman ang kwarto nila. Pero dito pa rin ako...tatlong kwarto ang layo.” Tumigil siya sandali, saka muling bumuwelo. “May rummeyt ako...babae.”

Matagal bago nakasagot ang ina. "Ilang taon?”

Pailing siyang napatawa. Nakuha niyang iniisip ng ina na matandang dalaga ang kanyang kinakasama. “Ka-edad lang ni Nene.” Bunso nila itong 23, tapos ng Management. “Akawntant, sa Bangko Sentral.”

“Alalahanin mong mga babae ang kapatid mo,” may pagbabanta sa tono ng kanyang ina.

“Nagkakasundo kami,” kaagad niyang tugon, may pagkairita. “Basta padalhan n’yo ‘ko. Wala na ‘kong pampamasahe. Saka kontribusyon ko sa kanya, pang-groceri.”

“Bukas nga, tatlong libo. Pagkasyahin mo ‘yan. At mag-ingat palagi.”

Nakahiga na si Anya nang pumasok siya. Patalikod. Queen size ang

pinagsasaluhan nilang kama. Noong isang linggo lang nila ito nabili, nang mag-20% sale ang isang furniture shop sa Paco. Folding bed ang dati nilang pinagtitiyagaan. Ito ang nagustuhan niya kay Anya – parang si Lumen sa patalastas ng Surf - wais.

Tinukso-tukso sila nina Dodong at Rose. Tiyo niya si Dodong dahil pinsan ito ng kanyang Tatay. Supervisor ito sa isang warehouse ng Uratex sa Pasay extension. Avon dealer si Rose. Iniimbita nito palagi si Anya na tikman ang niluluto para makapag-sales talk. Katatapos lang nila noon maghapunan. Kumatok si Anya. Nabuwisit daw ito sa kahahabol-hampas sa mga dagang bumuluga sa kanya pagbukas ng ilaw sa kuwarto. Meron din ba raw mga daga sa kanila.

“Samahan na lang kita dun,” biro niya. “Ako ang matsong daga na babantay sa’yo.”

Napangiti lang si Anya noon. Pero nahuli niyang pinagmasdan siya nito mula ulo hangang paa.

“Ba’t mo ‘ko tinanggap?” Malumanay niyang tanong nang

makatabi-yakap sa dalaga. Alam niyang hindi pa ito tulog. Nang gabing iyon, kaagad niyang hiningi kay Rose ang numero nito. *punta ko jan*, text niya. Di siya sinagot. Pero makulit siya: nag-miss call, tumawag, kumatok. Ganuon siya ka-determinado nang makita ang pagkakataon: susuyuin niya si Anya, paibigin at kumbinsihin na mag-share sila ng kuwarto.

Naaasiwa siya sa mga hating-gabi at madaling araw na naaalimpungatan siya sa mga balikwas at mga pigil na pag-ungol ng mag-asawa. Iyon ang mga oras na pinapangarap niyang may kapangyarihan siyang maging Invisible Man.

“I don’t know.”

“Yan lang palagi ang sagot mo. Sige na...harap ka dito...”

“Tutuo, di ko alam. Pero siguro, you just came in the right time... na nakakalungkot na maging independent. Saka I felt comfortable with you right away. Alam mo ‘yun, ‘yung di ko naisip na nanakawan mo ako o imu-murder. And perhaps, dahil pareho tayong promdi.”

“Ako rin, kumfurbul din kaagad sa’yo.” Tutuo ito. Nababaduyan siya sa pag-isip ng linyang, “parang matagal na tayong magkakakilala,” pero ito ang eksaktong nararamdaman niya kay Anya. Napakagaan, na para bang walang mali sa kanilang ginawang pagtatalik nang gabing iyon nang makapasok siya sa kuwarte ng dalaga at nagkuwentuhan sila hanggang sa mamalayan na lang nilang nag-aapoy na ang kuwarte sa pagbigay laya nila sa kanilang lungkot at libog. Birhen ito. At para bang normal lang at lohikal na ang maging kasunod niyon ay ang tuluyan niyang paglipat; pagsama nila.

“Wat if neks yer, or neks, neks yer, iiwanan kita?”

“Okey lang. That’s life. We can’t have somebody forever. I have myself to rely on.”

Nakaginhawa siya kahit hindi niya lubusang naintindihan ang linya ni Anya. Basta ayaw niyang darating ang araw na tawagin siyang manloloko – oportunista. Nasasaktan siyang isipin iyon. Nasisiguro niyang hindi niya makakalimutan ang isang Anya Chua. Napakalaking bagay ang ginawa nitong pagtanggap sa kanya.

“Kahit mabuntis ka?” Sinuklay-suklay niya ng mga daliri ang buhok ni Anya.

“A child is always a blessing. Walang problema sa ‘kin maging single parent.”

Ang tutuo, gusto na niyang maging Tatay. Pero kahit okey sa babae at alam niyang magiging mabuting ina ito, ayaw niya. Hindi niya pinangarap magkalat ng lahi. Gusto niyang mag-asawa. Iyong buo sila. Isang pamilya. Iniisip niyang kapag nasa Canada na siya at magkapera, papadalhan niya si Anya. Para hindi na tumiis sa gusaling ito. Sabihin niyang lumipat ito. Mag-condo. Pangngisda ang naikwento ni Anya na kabuhayan ng pamilya nito sa Bohol at tumutulong sa pagpapa-aral ng nag-iisang kapatid sa kolehiyo.

Yinakap niya nang mahigpit si Anya. Matagal. Nakaramdam siya ng katahimikan. May hatid itong pagkagaan na nagpalunod sa pangangalay ng kanyang katawan, pagod na puso at isipan.

“Tulog na tayo,” kalas ni Anya. “Gusto kong maabutan ang bulalakaw.”

“Samahan kita. Maaga rin ako’ng gigising...may pupuntahan ako.”

Room 505 sa Herrera Towers, Makati. Kasinlaki lang ito ng kanilang

kuwarto. Puti ang tiles ng sahig, puti rin ang pinta ng dingding. Nag-iisang malaking mapa ng Canada ang naka-dikit. May dalawang mesa, isang kompyuter, filing cabinet, thermos at mga baso. *Luke 4 Jenny Frias, sec n Mr. Tek*, text sa kanya ng kapatid kagabi. Ito nga, ang seksi na mala-mais ang buhok. May dalawa na’ng nakaupo sa bench. 7:45 pa lang. Akala niya siya na ang pinakauna.

“Ah, you’re Roy Ibiernas. Have a seat, Sir.” Nakangiting bati sa kanya ng sekretarya, sabay hingi ng kanyang mga papeles. “On the way na sina Mr. Tek at Atty. Frias.”

Kinuha niya mula sa knapsack ang plastic envelope na naglalaman ng kanyang 1) transcript of records; 2)diploma; 3)certificate ng mga trainings na nadaluhan; 4)birth certificate;5)baptismal; 6) marriage certificate ng kanyang mga magulang, at 7)2 passport-size I.D.

“Passport?”

“Meron.” Nakabalot ito sa zip-lock sa secret pocket ng kanyang knapsack. Dali-dali niya itong inilabas.

“Di siguro aabutin ng dalawang taon, doon ka na. But we need your full cooperation, of course.”

“No prablem, Ma’am.”

Tumuwid sa pagkaupo si Jenny. Diretso siyang tiningnan. “Ganito kasi Roy..., since BS Marine graduate ka, commercial diver ang gawin nating job description mo. Ito kasi ang high-demand doon. Saka immigrant ang pinapa-apply sa’yo ng Auntie mo, which means, dapat mataas talaga ang qualifications. Now, we need papers to support na you’re a professional diver.”

Nanlamig siya sa narinig. Sosyal pakinggan ang diver. Ang sarap isipin na ganun nga siya. Pero alam niyang hindi lang ‘yon ganun kadali. Isa pa, magasto ito.

Bumukas ang pinto bago pa man siya makaimik. Pandak at maliit na tao si Mr. Tek. Parang kungfu master ang itsura na naka-amerikana. Si Pepe Pimentel sa *Kuwarta o Kabon* ang naalala niya kay Attorney Fusio. Parang politiko ito kung makangiti at kumilos.

Tumangu-tango ang Koreano nang makaharap siya. “I met your Auntie...Flor...nice woman.” Tinapik siya nito sa balikat saka dumiretso sa mesa sa likuran malapit sa salaming bintana. Sumunod si Jenny. Mala-bulong ang pag-usap nito sa amo na patangu-tango at pasulyap-sulyap sa kanila. Hinarap naman sila ng abogado. Huwag daw silang mag-alala dahil marami silang kilala na malalaking tao sa embassy. Di na raw mabilang ang kanilang natulungan.

Nainis si Roy. Naalala naman niya ang kaklaseng si Dexter sa kahambogan ng abogado. Pinapanalangin niyang sana lang, di nagkamali si Auntie niya sa paglapit sa Koreanong ‘to.

Kakausapin daw siya ni Mr. Tek, sabi ni Jenny. Guminhawa siya ng malalim. Di siya dapat kabahan upang di mamilipit ang dila sa pag-Ingles. Mag-i-Ingles na rin siya mamaya kay Anya para masanay.

Bumubukas siya ng 555 corn beef. Nakahanda na ang nahiwa niyang

sibuyas at bawang. Inipit niya sa mala-hotdog na unan ni Anya ang Superferry tiket na nabili kanina. 2:30 bukas ng hapon ang kanyang alis. Gusto niyang pansinin ito ng dalaga. Para maging madali sa kanya ang pagkukuwento. Aabutin ng isang buwan o higit pa ang pag-uwi niya sa Iloilo.

Habang gumigisa, nakikita niya sa isipan ang pag-yes-yes-yes ni Mr. Tek. Hindi rin ito magaling sa Ingles. Di niya maintindihan ang mga pinagsasabi nito kanina. Yes, yes, yes lang sa mga tanong niya: Ar yu syur, Mr. Tek, dat dey wil aksept me der as dayver?

Hindi siya babalik hanggat di ma-plantsa ang pinaasikaso sa kanya ni Jenny. Marami iyon. Binalangkas niya ito sa isipan:

- 1) photocopy ng passport ni Auntie niya at iba pang papeles na nagsasabing Canadian citizen ito. Na-text na niya ang kapatid para matawagan ang tiya.
- 2) bank account. Kailangang 200,000.00 o higit pa ang show money niya. Patunay na kaya niyang mabuhay doon habang wala pang trabaho. Ito ang madugo, muni niya. Ubos na naman ang savings ng kanyang tiya. May processing fee pa, medical fee, landing fee, at siguradong marami pang iba.
- 3) pictures ng pag-dive niya. Kahit isang beses lang daw basta siguraduhin niyang may makuha siyang certification. May binigay sa kanyang brochure si Jenny. Pinuntahan niya ang isang nakasulat doon. Kanina sa Ermita. Tsk-tsk, dolyar ang rate. Sa pool pa lang iyon. Sa Batangas o Palawan o Cebu ang talagang pag-dive. Sa Boracay na lang siya.

f

eling turista ko d2, text niya kay Anya. Sa bangka pa lang kanina, napa-wow na siya sa mala-kristal sa bughaw na mga alon at mapuputing buhangin ng Boracay. Si Anya kaagad ang una niyang naisip at ang buwang-liwayway ng kanilang paglabas sa kalsada't pagtingala sa nagkikislapang bulalakaw sa kalawakan.

njoy & tyk ker! Sagot ni Anya. Sarap ng pakiramdam niya. Napakasigla niya ngayon. “Mami-miss kita,” naalala pa niyang wika ng dalaga nang makita nito ang tiket sa ilalim ng paboritong unan. Akala nito tuluyan na siyang uuwi. Naantig siya na ikakalungkot din pala ng dalaga kapag mangyari iyon.

kw rn tyk ker. mis u na. mmmmwaaah, sagot niya sabay dugtong ng smiley face bago i-send. “Huwag magmadali,” sabi ni Nanay niya nang kaagad nitong ungkatin ang tungkol sa kanila ni Anya pagdating niya. Pag-aanak ang ibig sabihin ng ina. “Nasa tamang edad ka na pero iba na ‘yung may trabaho ka.” Gaya palagi, tahimik lang ang kanilang ama. Noong tin-edyer siya, ikinaiinis niya ito. Pakiramdam niya, walang pakialam sa kanya ang ama. Di man lang siya pinagsasabihan.

Pero kahapon, naging malinaw sa kanya kung gaano karubdob ang hangarin ng ama na mapabuti ang kanyang kalagayan. Para sa kanya at sa kanyang magiging pamilya. No read, no write ang kanyang Tatay pero lakas-loob nitong kinausap ang manager ng bangko sa kanilang bayan. 80 thousand lang ang kinayang i-deposito ng kanilang Auntie sa kanyang pangalan. Hindi niya alam kung anong pag-uusap ang ginawa ng ama. Pero bago magsara ang

bangko, pinatawag siya para sa detalye ng kinakailangan niyang sertipikasyon. Paabisuhin daw sila, paalala pa sa kanya ng babaeng manager, sa mga panahong iba-background check na siya.

Sa wakas, natagpuan niya ang *Diver's Gurn*. Three thousand five hundred sa isang oras na pag-dive. Kasama na ang renta sa diver's suit, snorkel, fins, mask, bouyancy compensator. Pati pagkuha ng pictures. Takashi ang pangalan ng kanyang trainor. Matangkad itong Hapon, mukhang mabait.

Anak ng pating. Nagbago ang immigration law? Ganuon kadali?

Parang tinakluban si Roy ng langit sa balitang isinalubong sa kanya ni Jenny. Kaya pala panay ang text kung kailan siya babalik ng Manila. Report daw kaagad sa office. Inilapag niya lang sa kuwarto ang mga dala pagkarating. Hindi na siya naligo. Pinalitan na lang ang t-shirt. Ipinagpaliban niya maging ang pagtext kay Anya. Excited siya sa pagbalita na yes, nagawa niya lahat! At sa pagpakita ng mga pictures: ang magagandang underwater na kuha ni Takashi sa naglalakihan at kabigha-bighaning mga corals at sari-kulay na mga isda. At siya na machong-macho sa diver's suit.

“Wala tayong magawa, batas ‘yan.” Iniabot sa kanya ni Jenny ang isang folder: *The New Regulations have significantly modified the selection system for Skilled Workers*. Bulaga sa kanya. Pinagpatuloy niya ang pagbasa: *Applicants must attain at least 65 points in order to qualify for a Quebec Certificate of Selection*. Sa 65 na ito, 17 ang manggagaling sa training; 15 sa employment; 10 sa experience, 31 sa adaptability, 10 sa age, 23 sa knowledge of languages, 17 sa spouse's characteristics, 8 sa children, at 1 point lang sa financial autonomy!

Gusto niyang suntukin ang mesa, ang pader. Ngayon, gusto pa siyang isabong sa isang aplikante. May master's degree raw ito at nagtatrabaho sa Ortigas. Para mahatak pataas ang points niya. Mag-divorce na lang daw sila pagdating doon.

“Willing si Mr. Tek na mag-sponsor ng kasal,” narinig pa niyang wika ni Jenny.

Akala mo makakapag-divorce ka kung walang pera? Gusto niyang isigaw sa sekretarya. Pera pa rin ‘yon at nakukuba na ang tiya ko sa paglilinis doon ng hotel! Tiniklop niya at ibinalik ang folder.

“Oo nga pala, okey na ang I.D mo.” Patuloy ng sekretarya. “Tingnan mo,” abot sa kanya ng isang laminated I.D at tatlong piraso ng papel, mga sertipiko. “Di ba parang tutuo?”

Parang tutuo nga. Isang laminated I.D. ng pagiging opisyal na kasapi niya ng PADI mula pa noong 1988. Totoy na totoy siya sa picture. Ang magagawa nga naman ng teknolohiya, oo, iling-iling niya. At ang mga sertipiko – bumabandera ng mga logo ng iba’t ibang kompanya kung saan naging lead diver siya. Hahahahaha.

Naninikip ang kanyang dibdib. Kailangan na niyang magsalita. “Ang galing n’yo, Miss Jenny. Ang galing-galing n’yong mameke! Kaya n’yo naman pala, e. Bakit namomroblema pa kayo sa kwalipikasyon ko?”

Plak!

Di niya pa rin dapat sinipa ang mesa at binagsakan ng folder si Jenny,

paniniwala ng tiya. Ginising siya kanina ng long distance call nito. Kinausap na raw nito si Mr. Tek. Walang pekeng kasal na mangyayari. Ituloy na lang ang pagiging professional diver niya. Kuno. At hintayin na lang ang resulta. Papadalhan daw siya ng embassy ng notice na may file number niya kapag nakapasok na ang kanyang dokumento. Isa pang notice kung i-interbyuhin siya o hindi na. At ang huli, kung nakapasa siya o denied. Kinamusta rin nito si Anya at pinaalalahanan siyang maging pasensyoso palagi.

“Dito lang muna ‘ko, ha?” Nagwawalis siya. Nagbibihis-pumasok ang babae. “Masarap naman ako magluto, di ba? Okey naman maglaba. Mabango pa nga dahil may Downy. Kita mo, wala na’ng daga at ipis. Natakot sila lahat sa ‘kin. May darling ka na, may boy pa at guwardiya. Parang 3 in 1!”

“Oo nga, ano,” tawa ni Anya. “Kunsabagay, hindi rin naman ganuon kadali maging taong-bahay.”

“Talaga! Ang hirap pala ng trabaho ng mga asawa at mga Nanay. Sasabihin nilang sa bahay lang pero di nila alam, di nanunuyo ang mga kamay mo. Mamaya nga aayusin ko ang lababo. Burara kasi ibang borders. Walang pakialam!”

“Pero syempre, maganda pa rin ‘yung may pinagkakakitaan ka, di ba? Para sa sarili mo. Self-improvement...satisfaction.”

“Naisip ko nga’ng magkanbas ng mailako. May ‘sang libo pa ‘kong natago d’yan.”
“Why not? Be your own boss!”

“Tama, bilib na talaga ako sa’yo. Paano na lang kaya ako kung wala ka?”

“Tumigil ka nga d’yan, ayaw ‘ko ng senti...baka ma-late na ‘ko.”

Nakipagsiksikan siya sa Divisoria. Hanggang sa Raon.

Nakipagtawaran sa mga bumaba-hang pirated CD, VCD, at DVD. Pagkatapos sumakay siya ng bus at bumaba sa Ayala Avenue. Dito niya gusto dahil maganda ang Makati. Hindi siya masyadong malungkot. Sa harap ng LKG Towers. Maraming pumupuwesto dito. Palakad-lakad siya. Nakasukbit sa kanang balikat ang may kalakihang travelling bag. May hawak siyang apat na samples: *Harry Potter*, *Bob Marley Collection*, *Prosti*, *Tracy Chapman*. “Ma’am, Sir,” duro niya sa mga nakakasalubong. Kapag may tumigil, ‘yun lang at ipapakita niya ang iba pang nasa bag.

Mag-iisang oras na siya, isa pa lang ang nabili – *Bob Marley Collection*. Napansin na pinagtinginan siya ng mga residenteng manininda. Pare-pareho lang naman tayong gustong mabuhay, gusto niyang isigaw sa mga ito. Pero kinakabahan din siya. Lalo na nang masulyapan niya sa di-kalayuan na kinakausap ng babaeng tintera ang isang patpating pulis. Mukhang nagsusumbong at siya ang tinutukoy.

Papalapit nga sa kanya. Di siya nagpahalata pero binilisan niya ang paglakad sa paglipat sa kabila. Pumito ang pulis. Binilisan pa niya. Pa-takbo. Hanggang sa makalipat siya. Tamang-tama, may tumigil na bus. Sumakay siyang humahangos, binubundol ng kaba ang dibdib.

Kandong ang bag, isinandig niya ang ulo sa upuan, guminhawa ng malalim, pumikit. Sa pag-amo ng pagkabigong naranasan, gumapang sa kanya ang pananabik na mayakap ng mahigpit si Anya at makipagtalik dito. Magugustuhan ng kanyang pamilya ang dalaga. Magugustuhan ng dalaga ang Iloilo. Doon sila mag-uusap sa kanilang terrace. Kitang-kita mula doon ang buwan, ang mga bituin, ang mga bulalakaw na nagkikislapang parang mga alikabok at alitaptap sa kalangitan. Naisip niyang bumili ng balot. Babalatan niya ito’t isusubo

sa dalaga. Pagkatapos hihilahin niya papalapit sa kanya at hahalikan ng marahan mula sa tainga hanggang leeg pababa sa dibdib, pababa.

Tinapik siya ng konduktor. Humugot siya sa bulsa. Hinayupak, ito na lang pala ang natitira niyang pera!

Sa TV sa harapan, may flash report: *Canadian Embassy, nagsara dahil sa banta ng terorismo!* Nagitla siya ngunit biglang ninakaw ang kanyang atensyon ng pagsulpot ng bagong mensahe sa kanyang cellphone. *wer kena? ingat, ha. mwwaabb.* Paulit-ulit niya itong binasa. Humahaplos ang mga salita sa kanyang pagod na isipan at pandama. Hanggang sa tuluyang di na niya alintana ang balita, ang ingay at amoy ng mga kapwa pasahero, ang mala-pagong na pag-usad ng bus sa trapik. Hiyaw ni Bob Marley - *No woman No cry! No woman No cry* ang dumadagundong sa kanyang pandinig. Napasinghot siya't gustong-gusto na niyang umihi.

(2004)

Komposo ni Dandansoy

Ako si Dandansoy na kung naaalala ninyo, binayaan ng mga

magulang at nobya. Lahat sila sa Payao pumunta at sabi nila kung ako sa kanila'y mangungulila, tanawin ko lang ang Payao at ako'y magiging okey na. Ngunit tandu-tandu sa dagat, tandu-tandu sa bukid, ilang presidente na sa Pilipinas pumalit, nasaan ang Payao...sa isipan hindi ko maiguhit. Nasaan ang Payao sa nagsusulputang kabahayan sa gitna ng palayan? Sementado sa nanari-saring laki at kulay, ang Payao ba sa Hongkong, sa Japan, sa Saudi, sa Canada, sa Italy?

Salamat sa Diyos, itong tanong nasagot din naman, kaya ng komposo sa inyo'y nais maglibang. Sa gahum ng kuwento at kanta, ang buhay at pag-ibig ko'y muling ibantala. Kaya mga kaibigan, kung maari huwag magmadali. Kaibigan sa kabilang ibayo, halika muna't dumaan. Wala tayong ngangang ngunguyain, ngunit kung gusto mo ng nilagang saging, hala bira, tayo'y magbalat at sa malamig na softdrink sa tiyan lunurin.

Ako si Dandansoy hindi na binayaan, tulad ng kinanta ng maraming ina at yaya sa pagduyan-paghele-hele. Tulad ng isinaplaka ng mga taong kilala at sa kanila nagbigay ng maraming pera. Nagbago ang aking suwerte isang Linggo ng umaga sa buwan na taghirap, kung sa matatanda pa.

Ako si Dandansoy, alyas Engineer ng barangay, noon 29 anyos at ng isang abu-abuhong van nagmamay-ari, nagda-drive. Kaya pinakiusapan ni Kapitan Tyago na kung maari sunduin sa airport ng Iloilo ang isang doktora na sa amin pupunta. Lorena Advincula ang kanyang pangalan, apo ni Lolo Eddie na namatay sa pagkadunot ng tinae. Kawawang matanda, hindi man lamang natabangan. Ay, ay, ay, ang mga pobre sa ospital ng bayan, ng probinsya...!

Naaalala kong classmate ko itong Lorena noong elementary. Ewan kung uso pa ito ngayon pero kami noon may tinatawag na feeding. Noong grade three, kami ang pares sa paglugaw ng masarap na bulgur wheat. Ang kanyang ina, si Manang Acay, ang nagluto dahil noon pa lang mahina na si Lola Engrad na sa akin nag-alaga.

Ako si Dandansoy na payat, pinalukdo ng isang kaldero pa-eskwelahan. Tama, hula n'yo, ang kaldero sa gitna ng palayan nagtabingi – nahulog - at ang lugaw hindi kayang mapulot. Sa takot, napaihi ako sa shorts. Kawawang Dandansoy, pinagtawanan na, hindi pa nakaligtas sa sinturon ni Lola at sa mura ng maestra. Paano ko makakalimutan na sa ilalim ng kahoy na laua-an sa likod ng eskwelahan, ako sa pag-iyak ni Lorena sinamahan?

Ay, ay, ay, ang pobre kong puso nanukso. Kaagad ko siyang nakilala nang sa airport papalabas at palinga-linga bitbit ang isang malaking bag na itim. Maiksi ang buhok, nakaputi na blusa at shoulder bag na pula katulad ng nai-text niya sa akin. Sinalubong ko siya ng matatamis na mga ngiti. Ang kawawa kong puso, ano't kaagad tumibok-tibok – sa paglukso-lukso animo'y kinikiliti.

“Kanina ka pa?” Bati niya.

“Hindi naman.” Kinuha ko ang kanyang dala at tumawid kami sa nagpapaligsahang mga sasakyan at pasahero sa kalsada. Ang tutuo, mga tatlong oras akong naghintay. Alam n'yo naman, baryo pa ang sa amin at ang kalsada, abaw a, napakahirap ispelengon! Noon lang siya nakauwi mula nang lumipat silang magpamilya sa Manila nang maka-graduate kami sa grade six. Pumanaw ang kanyang Lolo Eddie ilang buwan bago n'yon.

Diretso na raw kami, sa baryo na mananghalian. Babalik na siya sa susunod na linggo.

Alam ko na tulad ng maraming kaibigan at kilala – dahil sa pagiging abala o sa kung ano pa mang dahilan na sa pag-alam wala akong karapatan – hindi siya tatagal sa pag-uwi sa bukid. Pero ewan, ang pag-isip na sa sunod na linggo hindi ko na siya makita, parang latay ng latigo sa pakiramdam ko. Ay, ang pobre kong kaluluwa naguluhan. Pen, pen de serapen saan ba ang mas malungkot, nakakatakot: ang tumandang binata na lamang o ang sumubok kahit pa muling iwanan?

Ngunit lumukso-lukso ang tinig ni Lorena sa pagpangamusta na nagwilisik ang aming laway sa batsehon na kalsada. Naamoy ko ang mga rosas na sa harapan ng bahay namumulaklak at nakikitang inaalay sa kanya. Nagkiskisan ang aming mga siko at balik at sa pagtumba-tumba ng van na parang kaysarap na lamang lumigid-ligid sa kama. Ano't parang may paruparo sa dibdib kong kumakapa-kapa palabas na sa daan naiwan ang ilan kong pangamba!

Ipagpatuloy ko ang aking komposo nang dumating na kami sa baryo. Dahil nagkataong Pacquiao-Morales rematch, hanggang sa balkon puno ang bahay ni Kapitan Tyago. Lalo pa't ang kanilang TV hindi lang colored, hindi lang malaki, kundi flat screen na Panasonic! Pinakauna sa baryo, salamat sa anak nito sa Saudi. Masaya ang pagsalubong kay Lorena ng manonood na sobra ang reklamo sa napakaraming patalastas. Hala sige, pakilala na sila rin kamag-anak. Naalala pa ba niya noon...kilala pa ba niya si ganito? Kumusta ang kanyang mga magulang? Kailan naman sila magbabakasyon? Ay, ay, ay, si Lorena, ang

doktora mula sa Manila, nang humahabang mga leeg at nanghuhubad na paningin, nang buong baryo sinunod.

“Te, ‘Day, magkano ‘yong pusta?” Biro ni Kapitan, taong balingkinitan, nang si Lorena makaupo. “Siguradong tumba na ang kontra.”

“Tingnan muna natin, e,” sagot niyang nakangiti.

“Aba, mabuti’t marunong pa!” Ang boses ni Kapitan humahara-hara na tulad lang ang buong manonood nakaangkin ng liksi hindi lamang sa paghintay ng laban nina Pacquiao at Morales. “Kita n’yo...atin itong doktora...libre...kaya huwag magbingi-bingihan. Mamayang alas-kuwatro, sa barangay hall kaagad dumiretso.”

“Mananghalian muna tayo, ‘Day,” hila sa kanya ni Manang Delia, ang mabait na asawa ni Kapitan. “Engineer...” anyaya rin nito sa akin, “Mainit-init pa ang tinola. Langka at kadyos.” Dalawang pagitan lang naman sana ang bahay namin pero dahil mas masarap humigop ng sabaw na may kasabay na dalaga at manood ng boksing na parang sa sinehan lang, sa lamesa sa kabilang kuwarto ako pumunta.

“Mamayang gabi iihaw tayo ng manok, a,” parinig ko kay Manang Delia. Ang tutuo, gusto ko lang naman malaman kung paborito ba ito ni Lorena. “Ano kaya ang mabuti, fried chicken o tinola?”

“Kapayas at dahon ng sili...alam mo ang tagal ko na’ng di nakatikim nun.”

“Dami ‘yan sa kanila ni Engineer.” Sulyap-kindat sa akin ni Manang Delia. Oo, ganuon silang lahat sa baryo, lahat na lang na dalagang bisita, sa akin tinutukso.

“Kahit manok pa at itlog, a.” Abaw, parang nabigla rin ako sa nabigkas. Tutuo may poultry ako at walang kaso na si Lorena ipag-ihaw, ipaglitson. Ngunit itong pagsakay sa simula pa lamang ng tuksuhan kakaiba at mapanganib, tulad ng napatunayan.

Ako si Dandansoy, hindi naman gwapo ngunit may angkin yatang gayuma. Hindi rin naman sa pagpahambog, marami simula pa sa kolehiyo hanggang sa opisina sa munisipyo ang mga dalaga na nagparamdam at umasa. Kung itatanong n’yo pa sa matatanda, sasabihin nilang matalino ako’t mabait na bata. Ngunit maniwala man kayo o hindi, kamay lamang ng una kong nobya – oo ang nag-iwan – ang aking nahawakan. Sa mga panahong iyon, tinutukso nga ako sa inuman – bakit daw katulad na lamang ng pagprotekta ko sa mga watershed ang pag-iingat ko sa aking pagkabirhen. Siguro lalo lang akong naging pihikan simula nang mabansagang si Dandansoy, bata’t binatang iniwanan.

Ngunit nang tanghaliang iyon, alam kong hindi ko na mapipigilan pa ang muling pagtibok ng puso. Nang masigurong yes, panalo na si Pacquiao - tumba-hinimatay talaga ang kontra at ang hiyawan ng buong baryo kaligayahan-pagmamalaki ng buong bansa, kaagad akong nagpaalam sa maybahay at bisita. Umuwi ako at naligo – nagpabango’t nagpaguwapo.

Sa poultry inutusan ang isang sidekick na binata upang pumili ng malusog na manok para dalhin sa bahay ni Kapitan Tyago. Sa hardin sinilip ang mga rosas ng matandang dalaga na tiya at pinanalangin ang kanilang pamukadkad. Ako si Engineer Dandansoy, ikinasiya ang maging bodyguard ni Dra. Lorena, upang kung sino mang overseas ng baryo o politiko ng bayan hindi makaporma.

Tama lang na lumubog na sa isipan ng buong baryo ang pagkapanalo ni Pacquiao at napastol na ang mga kambing, baka, at kalabaw nang sinundo ko si Lorena. Isang kartong puno ng botelya ng ferrus sulphate, vitamin C at pakete ng mga pills at condom ang sa aki'y kanyang pinadala. Bagong ligo rin siya at anong ganda sa sandal, pantalon at polo shirt. Tumpok ng kababaihan ang aming nadatnan sa barangay hall. Minsan lang itong pangyayari na may isang doktora na sa baryo bumisita. Tatlo pang baryo, paakyat-pababa, ang pinakamalapit na Barangay Health Center at ang pagsulpot ng midwife kasing dalang ng pagbilog at pagliit ng buwan. Kaya naman si Manding Soteng, tintera ng bandi, talaga namang tumahak pa ng mga burol at ilog.

“Abaw, alam mo lang ‘Day, taon-taon ako nagpapabinyag,” kuwento nito. “Tama na, sobra na, sabi ko kay Manong Estong mo. Ngunit ano ang magawa ko?” Gusto nitong malaman kung talaga nga bang pumapayat ang babae kung gagamit ng pills tulad ng naririnig niya sa kuwentuhan sa ilog sa kanyang paglalaba.

“Ay, mabuti lang at hiyang ako sa pills. Kung hindi, ewan lang kung tatlo lang ang anak namin,” si Lea, tintera ng kamatis na nakapasemento na ng bahay. “Yang si Rogel...akala n’yo lang, grabe talaga lalo na noong trayntahon pa lang kami. Susmaryahusep, halos aga, hapon at gabi.” Halakhak nito. “At talagang ayaw, kahit anong gawin ko, talagang ayaw magkondom.”

“Ay, ako, talagang nagpakapon ako,” si Carmen, isang Barangay Kagawad. “Takot din naman ako noon dahil sabi nila di ka na masasarapan. *Te*, ayos pa rin naman.” Halakhak din nito. Hay...ano kasi ang tigas ng ulo ng iba d’yan. Gusto lang magpasarap palagi.”

“Te, ikaw ‘ya, “Day,” si Lea, pabulong, “ilan na sa ‘yo?’”

“Wala pa, ‘Nang,” patuloy si Lorena sa pagkuha ng blood pressure ng matatanda. “Tatandang dalaga na ‘ko siguro.”

“Sus Ginuo! Bakit naman...and’yan si Endyiner hu,” mabilis na dugtong ni Carmen. “Sa tama rin naman kayong edad at mga propesyonal. Ay, akala mo lang, ‘Day, kung ako lang, mas mabuti talagang may anak ka.”

“Yan ang di ko maintindihan sa inyo ngayon,” dugtong ni Manang Gloria na may mga maestrang anak at abala na ang reklamo sa pagkahilo. “Ang may kaya, ayaw mag-asawa. Sakali mang gusto, nahihirapang magka-anak. Ba’t naman ang iba d’yan, kung anu-ano pa ngang ginagawa para mahulog pero kung bakit ‘yon pa ang natutuloy.”

Ngunit biglang naputol ang kanilang kuwentuhan gayundin ang paglalaro ng kabataan sa plaza. Humahangos na dumating si Manang Buday na presidente ng Barangay Pastoral Council. “Ay abaw, ‘Day,” bati nito kay Lorena, “salamat sa pagpunta, sa pag-alala, ngunit bakit parang vitamins lang kung ipamigay mo ang condom at pills? Baka makarating kay Father Miguel, talagang mumurahin tayo sa misa!” At paano na lang daw kung mapunta sa kamay ng kabataan? Sus Ginuo, baka lalong maglakas-loob silang sumubok. Ay, abaw, kaagad daw pigilan!

Syempre pa, hindi naiwasang magkasagutan ang kababaihan. Naging malinaw, naging diretso ang kanilang palitan na kadalasan, sa pagtinumpok-tumpok lamang sa pagpalalaba sa ilog at poso naglalabasan. Katulad halimbawa ng paninindigan ni Soteng na tama na, sobra na ang anim na anak. Bakit daw maniniwala siya sa sermon ni Father Miguel gayung ito nga’y may sinasabing anak sa isang katekista? Sakali man daw, bibigyan ba sila ng simbahan ng ipapakain at ipapaeskwela?

Kaagad ding dumating si Kapitan Tyago at kay Dra. Lorena humingi ng paumanhin. Nalulungkot siya na marami pa rin ang kulang sa kaalaman sa kanilang karapatan. “Patuloy,” utos niya, “sa pari ako ang bahala.” Lalo akong humanga kay Kapitan. Walang pag-alala na sa susunod na eleksyon maari itong magawang propaganda laban sa kanya.

“Don’t worry, Kapitan,” sagot ni Lorena. “Buo ang aking loob.” Hinarap nito si Manang Buday. “Don’t worry, Manang Buday, magseminar man kita sa kabataan upang maging responsable sila sa kanilang mga desisyon.”

Sa pagpapatuloy, naupo kami ni Lorena sa ilalim ng akasya sa paglubog ng araw. Malapit ito sa lote ng kanilang lumang bahay at ng mga sandaling iyon, namumukadkad sa mga gulay at bulaklak. Tutuo, sabi niya, hindi na solo ng mag-asawa ang kanilang desisyon sa pagpapamilya. May interbensyon na, may pakialam ng World Health Organization, ng United Nation, ng Department of Health sa mga programa nito’t pag-ayuda ng pills at condom.

“Gusto mo ng anak?” Tanong ko.

“Kahit sino naman siguro. Pero ayaw ko pa.”

“Pero gusto na ng nobyo mo?”

“Paano mo nalaman?”

“Hula lang. Kung ganuon, meron.”

“Pinapasunod ako sa Amerika.”

Ay, ay, ay ako si Dandansoy na binayaan, bakit ng kamalasan ayaw tantanan. Ngunit nakita ko rin sa kanyang mga mata ang pangungulila; nabasa na ang kanyang gutom hindi sa tiyan, at ang uhaw hindi sa lalamunan, kaya ng pag-asa hindi ako nawalan. Ang aking Payao

kanyang Amerika at kahit pa sabihin nilang hindi nakakalimot ang puso, makapangyarihan ang pangungulila, ang lungkot, at kami ang magkasama.

“Pero di ko makita ang Amerika sa aking mga pangarap,” sabi niya.

Sus Ginuo, akala n’yo lang kung ano ang pagtahip ng aking dibdib; parang sa loko-lokong nagkukumahog! Pinaniwalaan ko siya dahil kahit ako man, oo, nangangarap makakita ng snow at makaangkin ng dolyar, ngunit hindi upang doon manirahan. “Kaya pala umuwi ka,” sabi ko na lalong kinabahan sa maririnig na sagot.

“Oo. Parang may kung anong parte ko na naiwan dito at mapapanatag lamang kung makauwi.”

“Kumusta na ang pakiramdam mo, kung ganun?”

“Ikaw? Sabi nila sa PUP ka nag-graduate, hindi mo ba hinahanap-hanap ang Manila?”

“Narito na lahat sa Iloilo, maliban sa pag-unlad ng mga baryo. Okey na ako na makapa-SM o makapa-Robinson kung kailan ko gusto. Marami rin naman ang seminar at training sa Manila, sa Davao, sa Cebu. Nakapunta na nga rin ako sa Japan at Korea. Noong isang linggo lang, nakipag-meeting ako sa isang telecompany para sa dagdag na cell sites kasama ang wi-fi. Bakit papangarapin ko pa ang trapik, ingay, polusyon?

“Pero walang malinis na tubig dito. Of course, di naman ibig sabihin talagang malinis ang tubig sa Manila pero look, hanggang ngayon ilog at poso pa rin. Nabubulok ang tinae n’yo. Alam mo bang kaya nag-doktor ako dahil sa nangyari kay Lolo? Cancer of the liver ang kanyang ikinamatay. Syempre, nalaman ko lang ‘yan ng Biology major na ako dahil ayon nga sa matatanda, kinulam siya.”

“Kaya nga mabuti kung ang katulad mo, talagang maging doktora ng baryo.”

Ay, ay, ay paninging lumalagpas sa mga bakulod at bukid ang kanyang naging sagot. Alam kong bumibiyahen ang kanyang isipan sa Manila hanggang sa Amerika. Ewan kung dahil sa mga hamog o mga kuliglig kung bakit lalong lumakas ang aking loob. Sabi ko sa sarili, kung pumapalaot ang kanyang isipan at naninimbang ang kanyang puso, gusto kong mahawaan siya ng aking pag-asa.

Kinuwento ko na kahit nabulilyaso ang proyekto na patubig ni Kapitan dahil natalo ang kanyang congressman, sigurado na ang ayuda ng isang NGO sa tulong din ng mga pribadong tao. Nasimulan na ito sa maraming dagyaw at bilang patutuo, tinuro ko sa kanya ang Yalo watershed at ang mga burol ng narra at mahogany. Saulado ko ang mga detalye mula sa nasukat na distansya, budget, bibilhing mga tubo, kabilya, piyesa at marami pa. Nakikita ko na ang araw ng paghagunos ng malinis na tubig sa lababo sa kabahayan at ang patuloy na pagtanim ng kakahuyan.

Tumangu-tango lang siya, nasa malayo pa rin ang tingin na muli, naramdaman kong ako si Dandansoy, isang ulila. Pilit ko man itong itumba, itulak, takbuan, parang suso na sa balat ko gumagapang. Ang kanyang katahimikan naging kulog sa aking isipan. Nang hapong iyon lalo kong nalaman at naramdaman na isang katutubong banyaga – katulad ng pinapangarap kong tubig – ang doktora na aking minamahal.

Pen, pen de sarapen kutsilyo de almasen, “Fight hanggang matumba,” sigaw ng kabataan; “Para sa bayan ang laban na’to,” sigaw ni Pacquiao. Now or never ang rosas sa hardin kailangang maalay at mabigyan siya ng mas malaki, mas malalim na dahilan upang ang Amerika talagang hindi na ikukonsidera.

Kaya nga kahit naging abala nang sumunod na mga araw, ako si Dandansoy Engineer ng munisipyo, hindi nakalimot sa pagparamdam ng pag-ibig kay Lorena. Nagpadala ng bandi, nagpaigib ng tubig, bumili ng kanyang mga padala sa bayan at salamat sa cellphone, sa pagbaha ng mga nagpapakonsulta sa kanya napaalala kong kumain na, magpahinga muna at sige ngiti lang at sumakay sa mga panunukso. Nasundan ko rin ang ginawa niyang pagbisita sa ospital ng bayan at pakikipag-usap sa pamunuan.

Marami rin ang nangyari sa baryo. Maliban sa palagiang paghurumentado ng ilang binata sa pagkatalo sa sabong at sugal o sa simpleng dahilan na nalasing, nagmura si Manang Condring na komadrona. Katulad ni Manang Buday, presidente ng BPC, kontra rin siya sa condom at pills.

Nariyan din si Uwa Girum, kilalang manugsantigwa sa kabilang-pampang. Ayon sa kanya makagalaba – malaking kasalanan ang pagpatay ng bata! Nakita na raw niya sa kanyang santigwa ang katapusan ng mundo. Tingan ninyo, sabi niya sa kababaihan na naglalaba sa ilog, marami ngayon ang sunog, ang lindol, ang baha, at naglalabasan na ang mga ahas! Lahat ito dahil sa kasalanan ng sangkatauhan at tanging ang mga bagong silang ang makakasalbar!

Sa puntong ito alam kong nasasabik na kayo hindi sa kung ano ang posisyon ni Lorena sa mga pangyayari. Alam nating matapat siya sa kanyang propesyon. Dagdag pa na nagngingitngit siya sa pag-alala na kinulam daw ang Lolo niya. Kung ako naman ang inyong tatanungin kung sa babaylan at albularyo ako ba’y naniniwala, ito lamang ang masasabi ko, kaibigan: noong bata nakasunod ako kay Lola doon sa San Joaquin sa pag-akyat sa katapuan ng Estrella Bangotbanwa.

Hindi ko malilimutan na lahat sila umiiyak habang kumakanta, nananalangin, lumalakad-harap sa apat na sulok ng mundo. Nasaksihan ko si baylan Jose sa kanyang ritwal at talaga namang nakakapagpatayo balahibo iyon. Nang sumakit ang aking ulo, gumaling ako sa kanyang orasyon na sinasabayan ng pagpahid ng luya at pag-hip sa aking bunbunan. Humanga ako sa kanyang kakayahan sa pagbasa sa tunog ng hayop at direksyon ng hangin. Tinuro niya sa akin ang amihan, habagat, kanaway, at salatan.

Ngunit itong si Uwa Girum, gulpi lang sumulpot isang araw. Tagarito siyang napadpad sa Mindanao noong panahon na tinuturing itong lupang pangako. Ito na siya nang umuwi, isang babaylan, at hindi naman sa paninira ngunit sa aking nalalaman, hindi ito nanggagamot kung walang sinasabing “donasyon.”

Ay, ay, ay ang mga kagalang-galang na babaylan isang alaala na lamang. Sumisikip ang baryo sa kabataan at marami ang nangamatay hindi sa engkanto sa ilog, hindi sa kulam ng aswang! Bago ako magpatuloy, kaibigan baka nauuhaw ka, sa pagpaalam huwag mahiya. May malamig na tubig sa banga at ngayon sa tamis, sa linis, hindi na kayo hahanap ng Imodium o Diatabs. Nariyan lang din sa likod ang C.R. At huwag mag-alala, marami pa rin akong manok. Anong gusto ninyo, ilitson natin o sa papaya at dahon ng sili papalanguyin? Kahit gabi may sasakyan pa at kung ano man, maaasahan pa rin ang aking van.

Sa pagpatuloy, abaw, ako si Dandansoy nang mga masunod na araw sa kaba at pananabik parang dinuduyan. Oo, mabait sa akin si Lorena at matalino siya para hindi mabasa ang galaw ko at pananalita sa text. Ngunit, syempre, ang pagtanggap sa akin, ang pagpasok sa relasyon ibang istorya. Alam kong marami ang kanyang tinitimbang lalo pa’t kung iisipin, wala pang isang linggo ang aming pagkakakilala.

Tandang-tanda ko pa ang gabing iyon na maliwanag ang buwan. Ako si Dandansoy nagdesisyong baguhin ang kapalaran. Sa bahay ni Kapitan Tyago si Lorena aking dinalaw. Ay, ay, ay nadatnan kong masakit ang kanyang tiyan. Uminom din naman daw siya ng gamot pero kung bakit sa tubig sa poso nanibago pa rin. Amang Makapangyarihan, Ina ng Walang Hanggang Awa, Espiritung Banal, panalangin ko si Lorena saklolohan! Naglaga si Manang Delia ng luya at ito ang unti-unti ininom ni Lorena hanggang mahimasmasan.

Ako si Dandansoy sa nakatatayang kuwentuhan sinikap aliwin ang dalaga. Nabuhay ang araw na iyon na pinasan ko ang isang kaldero ng lugaw. “Bulgur wheat, buragwit,” aming tawanan na parang hindi masakit ang kanyang tiyan; na animo’y talagang nakakatawa ang aking pag-ihing at pag-iiyak sa ilalim ng kahoy na laua-an. Sabi niya nadiskubre niya sa kolehiyo na ‘yung bulgur wheat ayuda pala ng Kano. Dahil muling nabanggit ang Amerika, diniretso ko siya kung nasaan ito sa kanyang puso.

“Lam mo Soy,” sagot niya, “naisip ko na dapat bumalik tayo sa sistema ng barangay. Alam ng Kapitan, ng mga Kagawad, kung ano ang problema, kung ano ang kanilang magawa. Tingnan mo, napaayos n’yo ang plaza, napangalagaan ang watershed. Dapat sa mga baryo sa bansa dumalaw ang gobyerno at hindi sa kung saan-saan gumasto in aid of legislation kuno!”

Ngayon alam n’yo na kung bakit isang araw, dalawang taon na ang nakaraan, nagdiwang ang buong baryo at nakiusyoso ang buong bayan sa pag-uwi ni Dra. Lorena Advincula. For good, dahil siya na ngayon si Mrs. Dandansoy at ay, ay, ay ang Payao tutuong kabilang na lamang sa nakaraan.

Paano ko siya napasagot? Paano niya ako napapayag? Tutuldukan ko itong komposo sa gabi ng binayle. Abaw, nang araw na iyon, wala pa ang tagpakain sa baboy, maririnig na sa plaza ang Alemar's Sound System. Dumagundong hanggang sa kalapit na mga baryo kaya't sa sonata napakislot ang mga bata't matatanda. Kaagad bumaba ang mga dalaga sa pagpaligo sa ilog. Nagtumpok naman ang mga binata sa likod ng bahay ni Kapitan Tyago sa paglitson ng mga manok. Abala pa ako noon sa dami ng papeles sa opisina; meeting dito, meeting doon. Ganuon din si Lorena sa konsultasyon at pakikinig sa mga kuwento ng walang katapusang paghihirap at pasakit.

Mga alas otso sa gabi nang kumapal ang tao sa plaza. Nakatsinelas man o nakasapatos, lahat makakasayaw basta hindi nakahubad o naka-shorts. May libreng musika, may binabayaran lalo na kung may litsong manok na inililibot-benta. Ako si Dandansoy, Engineer ng baryo, sa okasyong tulad nito inaasahang makatulong ni Kapitan Tyago. Sa pagpalabas ng unang litson, lumapit ako sa tindero at sa mikropono natawag –“Dos sientos pesos, bili ni Endyiner Dandansoy, bayle ang lahat.”

Nagkikislapang ang mga bituin at nakakainggit ang pagsasayaw ng kabataan. Hinanap ng aking mga mata si Dra. Lorena at tumungo ang aking mga hakbang sa kanya. “Ang saya,” sabi niya nang makatabi ko siya. Ilang musika pa ang natapos bago ko malahad ang mga kamay sa kanya at sa gitna ng plaza kami sa kabataan humalo.

Ay, ay, ay, ano na ang buong baryo sa akin dumamay. “Lorena, minamahal kita,” tugtog ng Alemar's Sound System. Sumunod ang aming mga katawan sa aming mga hakbang habang ang mga kamay ko'y nasa kanyang beywang at ang sa kanya nama'y sa dibdib ko nakahimlay. “Lorena, minamahal kita,” tugtog ng Alemar's Sound System. “Tres sientos na ngayon ‘yan,” sigaw ng lumalako.

Linipat niya ang mga kamay at sa balikat ko ito dumapo. Hanggang sa aming paghakbang, sa aming paglibot-libot nahigpitan ko ay, ay, ay napalibot ang mga kamay sa kanyang beywang. Nagkalapat ang aming mga dibdib, ang aming mga mukha, ang aming mga bibig ay, ay, ay talagang anong lapit!

“Nauuhaw ako,” bulong niya. Ang init ng kanyang hininga lalong nagpasabik sa aking isipan, sa aking dibdib, ay, ay, ay loko-loko ano't maging ng aking puson.

“Sige, uwi muna tayo,” sagot ko.

Walang nahulog na mga bituin, walang dumaang bulalakaw, hindi rin naman bumuka ang lupa. Lalong hindi ko ipinangako sa kanya ang palayan, ang ilog, ang burol, ang bukid. Ngunit mula sa plaza hanggang sa makarating kami sa bahay ni Kapitan Tyago, hindi na nagkahiwalay ang aming mga kamay, ang aming mga palad, ang aming mga daliri. At alam

n'yo naman, sa husto na kaming gulang at kayang-kaya nang magpamilya – ako si Dandansoy - ni Dra. Lorena ay, ay, ay ano't nang condom pinasuot!

Pero nagkakamali kayo kung iniisip n'yong sa gabing iyon natapos ang bansag kong si Dandansoy binayaan. Tutuo ngang may kaligayahan sa lupa ngunit nang sumunod na araw sa airport hinatid ko siya. Tandu, tandu sa dagat; tandu, tandu sa bukid...ang Payao pala ang Manila, ang Manila ang Payao ay, ay, ay sa cellphone kami nag-24/7. Lumiit ang buwan, bumilog; nagtag-ulan, nagtag-araw, salamat sa mga promo ng mga barko, eroplano, pati RORO - kahit nakakapagod, ang mukha ni Lorena aking sinaulo; ang aming mga katawan at kaluluwa lalo pang pinagtagpo.

Hanggang isang araw, galing ako noon sa dagyaw sa pagpaakyat na ng tubig sa baryo, laking gulat ko na binabati ako ng mga nakakasalubong na congratulations. Naka-jackpot daw ako, sobra pa sa nanalo sa lotto! Susmaryahusep, dahil pala si Dra. Lorena Advincula, nang Manila, nang Amerika nag-abandona. At paano ako makakahindi gayung sa bahay na siya tumuloy? At abaw, magkasundo sila ng tiya kong matandang dalaga!

Narinig n'yo rin naman siguro ang aming kasal dahil pumunta ang buong bayan at tatlong araw ang naging handaan. Bakit nga ba wala kayo? Kung gusto n'yong marinig ang bersyon ni Lorena, maging ng buong baryo, kaibigan balik lang kayo. Hanggang dito na lang ang aking komposo. Sana kahit paano nakaaliw sa inyo. Kung ano man, text o tawag lang kayo. Ako si Engineer Dandansoy kasama si Dra. Lorena na ngayon may seminar sa Cebu, bumubukas ng pamamahay sa lahat, sa kahit sino.

Ngunit may isa akong kondisyon. Kaibigan, siguro mas masarap ang ating kuwentuhan kung may dala kayong pizza. Biro lang, pero kung totooanin ninyo, talagang walang kaso. Hala sige, tutal nang manok ayaw n'yong bumaon, hindi ko na kayo pipigilan pa. Hanggang sa muling pagkikita. Sige, sa daan kayo'y mag-ingat.

(2006)

Glosari

<i>Almanake Panayanbon</i>	Taunang babasahin na unang nilimbag ng Imprenta La Panayana ni Mariano Perfecto sa Mandurriao, Iloilo, at kasalukuyang pinapatuloy ng kanyang mga kapamilya. May sirkulasyon hanggang sa malaking bahagi ng Mindanao na nakakapagsalita ng Hiligaynon. Sikat sa matatanda bilang talasanggunian ng mainam at di-mainam na petsa (astrolohiya/horoscope). Naglalathala din ng mga tula at kuwento ng mga canonical na manunulat sa Hiligaynon tulad nina Magdalena Jalandoni at Condrado Norada, gayundin ng mga bagong manunulat.
<i>Ay Abaw!</i>	Ay Naku!
<i>Bangag</i>	Tigang at nagkabitak-bitak na lupa. Kondisyon ng palayan kapag tag-araw.
<i>Banggerahan</i>	Bahagi ng kusina saan nakalagay ang banga, pinggan, baso, at iba pang gamit-panluto. Maaring nasa loob ng bahay o nasa labas saan nagsisilbing hugasan. Karaniwang makikita sa mga bahay na yari sa kawayan.
<i>Bandi</i>	Minatamis gawa sa mani o kinudkod na murang niyog.
<i>Bantala</i>	Ipagbunyi.
<i>Binayle</i>	Sayawan. Tuwing piyesta, okasyon para makalikom ng pondo ng barangay. May mga musa na tumatayo para sa iba't ibang sector (hal. Barangay Council, Barangay Pastoral Council, Sangguniang Kabataan) at karaniwang ginaganap ang koronasyon sa madaling araw o sa pangalawang gabi. Noong una, ang mga dalaga lamang ang nakakaupo. Nasa likuran ang mga binata. Sa pagtugtog ng musika, iimbitahan ng binata ang dalagang napupusuang isayaw sa pamamagitan ng pagtayo sa harapan nito. Mga binatang mayroong ribbon (tanda na nakapagbayad ng entrance fee) lamang ang makakapagsayaw sa dalaga. May dalawang uri ng musika: ang “hot music” o disco at “sweet music” o yaong mabagal na tugtog saan magkahawak sa baywang ang dalaga at binata. Sa “sweet music” ginagawa ang pangangalap ng pera para sa bawat musa. May takdang oras sa paglako ng litsong manok at ang highest bidder ang nakakauwi nito. Kung gayon, may mga “sweet music” saan tanging ang tagapagbili lamang at ang kanyang grupo ang makakapagsayaw, maliban na lamang kung idedeklara niyang bukas ito para sa lahat. Sa mga pagkakataong tumatanggi ang dalagang isayaw, kadalasan nagiging sanhi ito ng gulo (nagkakaroon ng suntukan, maging patayan) sa pagitan ng mga grupo o barangay. Kaya kapag hindi pa handa makipagbayle ang isang dalaga, lalo na para sa sweet music, dapat hindi siya uupo. Kasama sa iba pang alituntunin ng binayle ang pagsisimula nito sa isang panalangin na sinusundan ng

pambansang awit at pagsasalita ng pinuno ng barangay at ng sinumang malaking tao na imbitado. Sa ngayon, nagsisilbi pa ring fundraising ang binayle ngunit kadalasan, “hot music” na ang tugtog saan hindi na kailangang humintay ng dalagang isayaw siya ng binata. Nakakapagbayle na rin ngayon kahit naka-shorts at tsinelas lang. Maliban sa piyesta, ginaganap din ang binayle pagkatapos ng anihan, tuwing katapusan ng Flores de Mayo o sa anumang okasyon tulad ng kasal.

Buang

Sira-ulo.

Bugoy

Basag-ulo. Istambay.

Dagyan

Bayanihan.

Daigon

Awiting-bayan tungkol sa panunuluyan nina Jose at Maria bago ipinanganak si Hesukristo. Kinakanta tuwing Pasko ng mga nangangaroling.

Dandansoy

Awiting-bayan:

Dandansoy, bayaan ta ikaw	Dandansoy, iiwanan kita
Mapuli ako sa Payao,	Uuwi ako sa Payao,
Ugaling kon ikaw hidlawon	Ngunit kung ika’y mangungulila,
Ang Payao imo lang tan-awon.	Nariyan ang Payao, ‘yong pagmasdan.

Dandansoy, kon imo apason	Dandansoy, kung iyong sundan
Bisan tubig di gid magbalon,	Kahit tubig huwag magbaon,
Ugaling kon ikaw uhawon	Ngunit kung ika’y mauhaw
Sa dalan magbubon-bubon.	Sa daan maghukay ng balon.

Estrella Bangotbanwa

Sinsabing kilalang tagapamuno ng isang grupo ng babaylan na taga-San Joaquin, Iloilo. May mga nagsasabi ring taga-Tubungan, Iloilo. May mga tagasunod sa Brgy. Gamad, Tobias Fornier, Antique. Ayon sa kuwentong-bayan, noong panahon ng Espanyol, nagkaroon ng tagtuyot sa San Joaquin, Iloilo. Nang humingi ng tulong ang mga tao kay Estrella, nag-utos siyang kumatay ng pitong itim na baboy. Gumawa siya ng ritwal at biglang bumuhos ang malakas na ulan.

Felicidad

Ayon sa kuwentong-bayan na sumikat noong 80s, taga-Capiz na napadako sa Antique, partikular sa Dao, bilang negosyante ng bagoong na isda. Napakasarap ng paninda nito – kakaiba - kaya naging bestseller. Kalaunan, dahil sa malansang amoy na sumisingaw mula sa bahay na tinutuluyan nito, nagsuspetsa ang taong-bayan at nadiskubre na mula sa dugo, atay, at iba pang bahagi ng tinadtad na katawan ng tao ang “special ingredients” ng kanyang paninda (maaring basahin bilang black propaganda sa kasalukuyan). Hinuli siya at nabilanggo sa Dao. May mga nagsasabing mahaba ang kanyang buhok at bigla na lang nawala isang araw. May mga nagsasabi ring namatay siya sa

bilangguan. Dahil dito kung kaya marahil naging bantog ang Capiz at Antique bilang mga bayan ng aswang.

Gabum

Kapangyarihan.

Hiligaynon

Lingua franca sa Panay. Pangalan ng magasin limbag ng Roces Publication (sister magazines: Liwayway (Tagalog), Bannawag (Iluko), at Cebuano) at ngayon, ng Manila Bulletin, sa Manila.

Hiwit

Kulam.

Igso-on sa Tabuk Nayon

Awiting-bayan:

Igso-on sa tabuk nayon	Kapatid sa kabilang-ibayo
Hapit anay sa amon	Dumaan ka muna sa amin
Bisan wala sing kan-on	Kahit walang kanin
May buyo nga pagaman-un.	May ngangang ngunguyain.

Iwanun ko ang buyo	Aanhin ko ang nganga
Sa balay madamo	Sa bahay marami
Ang akon ginapangayo	Ang aking hinihingi
Ang singsing sa imong tudlo.	Ang singsing sa iyong daliri.

Iwanun mo ang singsing	Aanhin mo ang singsing
Kon gutok sa kamalingking	Kung masikip sa hintuturo
Ang akon ginapangayo	Ang aking hinihingi
Ang gugma sa kasingkasing.	Ang pag-ibig sa dibdib.

Iwanun mo ang gugma	Aanhin ko ang pag-ibig
Sa balay abunda	Sa bahay sagana
Ang akon ginamolestya	Ang aking pakiusap
Ang anak mo nga dalaga.	Ang anak mong dalaga.

Inday

Pantawag sa anak na babae, sa among babae, o sa isang minamahal.

Inday Kayutungan

Awiting-bayan:

Si Inday kayutungan	Si Inday kayutungan
Matipulon nga daw batwan	Mabilog-bilog parang batwan
Pumisik nga daw bitik	Pumipisik na parang pulgas
Daw apan nga bag-ong tarik.	Parang tipaklong na bagong tarik.

Tan-awa, tan-awa ninyo	Tingan, tingan ninyo
Si Inday pala-nobyong	Si Inday pala-nobyong
Waay patay sa espiho	Walang tigil sa espiho

Padayaw iya opisyo.

Paganda kanyang opisyo.

Nagbakal sang traje

Bumili ng trahe

Traje nga sedaponji

Trahe na sedaponji

Polbos nga *Parami*

Polbo na *Parami*

Tigana sa binayle.

Laan sa sayawan.

Binayle paayaw-ayaw

Sayawan hanggang magsawa

Pamura-mura sang adlaw

Hanggang sa maglaho ang araw

Indi gani maayawan

Sakaling di pa sapat

Pamura-mura sang bulan.

Hanggang sa maglaho ang buwan.

Loa

Katutubong tula na ginagawa sa isang laro na bordon tuwing may lamay. Pasalampak na nakaupo sa bilog ang mga manlalaro. Magkahawak-kamay. May hari at reyna na nagmamay-ari ng bato. Sa gitna ng bilog, nakaposisyon ang hurado. Nagsisimula ang laro, na sinasabayan ng awit, sa pag-alis ng singsing sa mga daliri ng hari at reyna. Pagkaraan ng isa o dalawang ikot, papel ng hurado na hulihin kung kanino/saang kamay ang singsing (hindi siya magaling na hurado kapag matagal at kakaunti ang kanyang nahuhuli). Bilang manlalaro, kailangang huwag kang pahuhuli. Kapag mayroon nang nahuli (maaring pares), titigil ang laro-awit, papagitna ang nahuling manlalaro at bibigkas ng loa (kapag sumali ka, kung gayon, dapat may baon kang maraming loa o magaling kang mag-loa – spontaneous/on-the-spot). Kailangang katanggap-tanggap sa hari at reyna at buong manlalaro ang loa (sasagot din sila ng Viva!) bago makaupo ang manlalaro. Minsan, nagkaka-roon ng sagutan.

Hal:

Didto sa may banglid

Doon sa may bangin

May diyes nga nagaligid

May diyes na gumigiling,

Gintiro ni Jes Lapid,

Binaril ni Jes Lapid

Naigo gid sa kilid.

Talagang natamaan sa gilid.

Viva!

Viva!

Kamanyang

Lokal na insenso.

Kingke

Maliit na ilawang-gaas.

Komposo

Awiting nagsasalaysay ng isang pangyayari - kagila-gilalas na pakikipagsapalaran, kuwento ng pag-ibig, kasaysayan ng isang angkan, isang katawa-tawa o nakakatakot na karanasan – o naglalahad ng isang kaisipan at damdamin sa isang mahalagang isyu (hal. tungkol sa kahirapan, pagsagip ng kalikasan, pangingibang-bayan). May pagka-seremonyal ito: nag-papakilala ang manug/taga-komposo at pinapaliwanag niya ang dahilan o pangyayari na nag-udyok sa kanya para magkomposo at binabati niya ang tagapakinig bago tuluyang mag-awit-kuwento. Nagpapaalam din ito ng

maayos at sa tradisyonal na komposo, kadalasan, humihingi ng paumanhin (hal. malayo pa ang kanyang uuwian o baka napapagod at nababagot na ang manonood sa kanya). Sa mga pormal na okasyon, sinasaliwan ito ng gitara at saulado ng manugkomposo ang kanyang piyesa bagama't bukas ito sa improvisasyon.

<i>Manang</i>	Pantawag sa nakakatandang babae.
<i>Manunggal</i>	Halamang-ugat na pinaniniwalaang panlaban sa aswang. Patago itong kinakabit sa pintuan ng bahay. Kapag aswang ang bisita, mangangati siya sa kabuuan ng kanyang pamamalagi sa loob ng bahay.
<i>Maranbig</i>	Patay na nabuhay. Halimbawa ng mga popular na kuwento: pagdilat ng isang bangkay habang binebenditahan ng pari sa misa o pagbangon nito sa kabaong sa gabi ng lamay upang humingi ng kape at pandesal.
<i>Matabangan</i>	Matulungan.
<i>Palangga</i>	Mahal.
<i>Patadyong</i>	Tradisyonal na kasuotang pambabae. Katumbas ng malong ng mga Muslim.
<i>Petromax</i>	Mas malaki at maliwanag kaysa kingke. Kadalasang sinusukbit sa gitna ng bahay. Noong panahon, sa mga baryo sa Antique na hindi pa naaabot ng koryente, tanda ng pagiging maykaya sa buhay ang pagkakaroon ng Petromax. Isa itong brand ng ilawang-gaas na naging pantawag dito tulad ng Caltext para sa pantabo, Colgate para sa toothpaste, Xerox para sa photocopier, at marami pang iba.
<i>Pinalakad</i>	Bangkay na pinaniniwalaang hindi pa nakaalis sa lupa ang kaluluwa. Maaring dahil ninakaw ito at tinago ng isang aswang/mangkukulam o demonyo. Kailangan ng sakripisyo at ritwal ng babaylan para makabalik ang kaluluwa sa katawan.
<i>RORO</i>	Roll-on, Roll-off o nautical highway na programa ng Pang. Gloria Macapagal-Arroyo simula noong 2002. Diretso at araw-araw na biyahe ng mga bus - Manila-Panay - sa pamamagitan ng paglipat-sakay sa barge mula sa daungan ng Batangas patungong Mindoro hanggang sa Caticlan, Antique.
<i>SARS</i>	Severe Acute Respiratory Syndrome. Naging epidemic noong 2003 sa China at sa Southeast Asia.
<i>Sus Ginuo!</i>	Diyos ko!

Tandu-tandu Uod na makita sa kipot na dahon, ang palang-palang o goat's foot vine, na patangu-tango. Tugmang pambata:

Tandu-tandu, diin bukid?	Tandu-tandu, saan ang bukid?
Tandu-tandu, diin dagat?	Tandu-tandu, saan ang dagat?

Tambi Bahagi ng bahay-kawayan na kadugtong ng pintuan. Sa harapan, nagsisilbi itong lanai habang sa likuran, nagsisilbing batalan.

Tamilok (Mangrove worms na niluluto't kinakain.). Awiting-bayan:

Sang isa ka gab-i	Isang gabing
Masanag ang bulan	Maliwanag ang buwan
May isa ka tawo	May isang taong
Nga nagpanindahan	Nanindahan
Uminom sang tuba	Uminom ng tuba
Nahubog, nagtalang	Nalasing, naligaw
Diretso sa pilapil,	Diretso sa pilapil
Sa turugban nagtimpasaw.	Sa lubugan nagtimpasaw.

Sang iya pagtimpasaw	Sa kanyang pagtimpasaw
Nakibot ang kalabaw	Nabigla ang kalabaw
Pumusnga ang hayop	Pumusnga ang hayop
Ang hubog nagwawaw.	Ang lasing nagwawaw.
Gilayon tumindog	Kaagad tumayo
Kag tumingkaaw	At tumingala
Sulo ang nakita	Ilaw ang nakita
Ang lago sa kahoy.	Ang uod sa kahoy.

Ang lago sa kahoy	Ang uod sa kahoy
Nga doble ang tuktok	Na doble ang tuktok
Iya balay kipot-kipot	Ang kanyang bahay makipot
Kag nagapanabudsabod.	At sala-salabid
Sugilan ta 'kaw, Inday	Ipagtatapat ko sa'yo, Inday
Ang iya ngalan tamilok.	Ang kanyang pangalan, tamilok.

Ti Isang ekspresyon. Depende sa gamit, *so* o *therefore* ang literal na salin sa Ingles.

Text Text Messaging o Short Messaging Service (SMS) sa pamamagitan ng cellphone. Sumikat sa Pilipinas mula noong huling bahagi ng milenyum. Hal. GUD PM.KMUSTA? C TERAY DYA JUL. NONG GWA MO?. T.B. (promdi@manila): Good PM. Kumusta? Si Teray ito, Jul. Anong ginagawa Mo? Text Back.

njoy & tyk ker! (*Ang Bulalakaw, Canada, at si Bob Marley*):
enjoy and take care.

kw rn tyk ker. mis u na. Mmmmwaaah (Ang Bulalakaw, Canada, at si Bob Marley): ikaw rin, take care. miss you na. mmmmwaaaah (halik).

Tinyente Gimo

Ayon sa kuwentong-bayan, taga-Dumangas, Iloilo na nadiskubre – sumikat – matapos makaligtas ang isang dalaga na naging bisita ng kanyang anak. Hatinggabi, nagising ang dalaga at nalaman niyang nagpapakulo ng tubig sa kawa si Tinyente Gimo, para sa “pagluluto” sa kanya. Doon at tumakas siya.

Turagsoy

Uri ng maliit na isda na ginagawang pulutan. Awiting-bayan sa Visayas na kadalasang kinakanta sa tagayan ng tuba hanggang sa inuman ng beer ngayon. Sa Panay, pinasikat ito ni Pirot, isang kilalang folk singer, habang sa mga bahaging Cebuano, pinasikat naman ito ni Max Surban. May mga nagsasabi ring komposisyon ito ni Eddie Suede, isang radio announcer sa DYFM Bombo Radyo na binaril sa isang karinderya noong 80s.

Gabay sa Pag-aaral

“Turagsoy”

1. Ilarawan ang lugar at panahon ng kuwento. Anong mga pagbabago ang nararanasan ng komunidad at paano nila hinaharap ito? Anong mensahe ang pinaparating ng katapusan ng kuwento tungkol sa kasarian at sa kolektibong pagkilos ng komunidad sa pagparusa kay Boy Eks? Makatarungan ba ito? Bakit?
2. Sino si Inday Lupog? Ano ang pagkilala niya sa kanyang sarili at sa kanyang komunidad? Ano naman ang pagtingin at pakikitungo sa kanya ng kanyang komunidad? Anong mga puwersa (hal. pag-iisip at pag-uugali) sa kanyang kapaligiran ang kanyang sinasang-ayunan, ang kanyang sinasalungat? Tama ba ang kanyang naging desisyon sa katapusan ng kuwento? Bakit?
3. Magkomento sa istilo at teknik ng pagkukuwento ng may-akda. Paano hinabi ng kuwentong-bayang “Turagsoy” ang naratibo ni Inday Lupog at ng kanyang komunidad? Halimbawa sa paglatag ng panahon at espasyo (time and space); sa pagbuo ng mga tauhan (characterization); sa pagpaigting ng tunggalian (conflict) at pagpalabas ng kabalintunaan (irony); sa paglikha ng kapaligiran (mood and atmosphere), at sa pagdiskurso sa dinamiko ng “noon” at “ngayon”?

“Si Beryong Balikbayan”

1. Kilalanin si Beryong. Ano ang kanyang problema? Nabigyan ba ito ng kasagutan sa pagtatapos ng kuwento? Ano ang kanyang kuwento bilang balikbayan? Ano ang sinasabi ng kanyang karanasan bilang ‘old timer’ sa California sa kasaysayan ng mga manggagawang Filipino sa Amerika? Sa mga naratibo ng mga kasalukuyang OFW? Sa relasyong US-Pilipinas?
2. Pansinin ang nangingibabaw na tono ng kuwento. Paano ito nalikha? Paano ito nakatulong sa pagpausad ng pagsasalaysay at sa paglatag ng tema?

“promdi@manila”

1. Kilalanin ang mga sangkap-pampanitikan (literary devices) na ginamit ng may-akda sa pagpalitaw sa karakter ni Julia Sebastian.
2. Sino si Teray? Ano ang naging papel at kabuluhan niya sa kuwento?
3. Ano ang sinasabi ng kuwento tungkol sa mga uri ng promdi sa Manila? Sa kanilang pag-uugali sa pag-alaala at paglimot (remembering and forgetting)?

“Ang Bulalakaw, Canada, at si Bob Marley”

1. Ano ang sinasabi ng pamagat tungkol sa katauhan ni Roy at sa naging karanasan nito?
2. Anong naratibo ng buhay sa syudad at pangingibang bayan (kapwa sa loob at labas ng bansa) ang nilalarawan sa kuwento?

“Komposo ni Dandansoy”

1. Magsaliksik sa tradisyon ng komposo sa Panay. Paano ito ginamit o nilapat ng may-akda sa kuwento?
2. Sino si Dandansoy: noon, sa awiting-bayan, at ngayon, sa kuwento?
3. Kilalanin ang iba pang sangkap-pampanitikan (literary devices) na ginamit sa kuwento (Hal. alusyon, metapora, atbp.).
4. Ano ang visyon na inihahain ng kuwento tungkol sa kasarian at sa usapin ng rehiyon/bansa?